

ANG BIRHENG IPINAGKANULO

Hango sa mga tunay na pangyayari

1948-1951

Tatlong taong mayroong Diyos sa Pilipinas. Nag-alab ang pananampalataya. Nakasaksi ng maraming kababalaghan. Nakaranas at nabago ng maraming himala.

Nagsimula ang lahat nang pumasok sa isang monasteryo sa Lipa, Batangas ang isang 21-anyos na dalaga mula sa isang de buena familia. Pero imbes na mga anghel, ang diablo ang sumalubong sa kanya.

Tinuya-tuya sa pag-iwan niya sa kanyang pamilya. Binulyawan. Sinaktan. Nagdusa siya pero hindi nagpatinag. Kumapit sa kanyang pananampalataya sa Diyos at sa pangarap na maging madre. Nakahanap ng suporta at kalinga mula sa madre superiora.

Makalipas ang panahon ng kadiliman, dumating ang liwanag. Dinalaw ang dalaga ng mahal na Birheng Maria. Nagpakita. Nagbigay ng mga mensahe. Nakipag-usap. Una, sa loob ng kanyang kwarto at 'di naglaon ay sa hardin ng kumbento. Tatlong buwan, mula Agosto hanggang Nobyembre.

Sa kanyang huling pagpapakita, nagpakilala ang Birheng Maria sa dalaga. Siya ang Mediadora.

Mabilis na kumalat ang mga balita mula sa Lipa. Kasama doon ang tungkol sa mga pag ulan ng mga talulot ng rosas mula sa langit – mga talulot na naglalaman ng mga imahe ni Hesus at iba't ibang mga santo.

Dinagsa ang kumbento ng mga mananampalataya, mga media, mga politiko, mga usisero, mga skeptiko. Mula Maynila, mula sa ibang dako ng Pilipinas, mula sa ibang bansa. Marami ang nag balita ng pag galing ng mga sakit at iba pang himala.

Nagsagawa ng imbestigasyon ang Simbahang Katolika. Isang maliit na grupo ng mga Pilipinong obispo, pari, at doktor sa patnubay ng isang Italyanong monsignor na representante ng Santo Papa sa Pilipinas noong panahong iyon.

Ito ang tunay na kasaysayan ng dalagang si Teresita at ng Mediadora ng Lipa. Isang kasaysayan na pinatahimik, binura, at pinilit ibaon sa limot ngunit nananatiling buhay at naghuhumiyaw makalipas ang halos 80 taon.

Aambon ng mga rosas sa screen.

OBB

Mababasa sa screen:

1948

Nagpakita diumano ang Birheng Maria sa isang nobisyada sa Batangas at nagbigay ng ilang mensahe.

“Pray hard, for China’s dream is to invade the whole world. The Philippines is one of its favorites.” 17 Oktubre 1948

Ito ang totoong kasaysayan ni Teresita at ng Mediadora ng Lipa.

Mabubura ang salitang “totoong” at papalitan ng “binurang.”

Ito ang binurang kasaysayan ni Teresita at ng Mediadora ng Lipa.

SEQ 1. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. GABI.

31 Hulyo 1948

Lipa, Batangas

Nagdadasal si TERESITA (21). Nakaluhod sa gilid ng kama, nakapikit, taimtim.

Maliit ang kwarto, walang kagamitan liban sa kama, maliit na mesa, at cabinet. Walang bintana liban sa maliit na butas sa pinto. Doon nanggaling ang mahinang ilaw, mula sa nakasinding lampara sa pasilyo.

Maya maya may boses ng lalaki, malalim, mabigat, garalgal. *Suwail kang anak, Teresita!*

Titigil sa pagdarasal si Teresita. Tutungo sa pinto at sisilip sa bintana. Walang tao sa labas.

Muling magsasalita ang boses. *Pagmasdan mo ang nangyayari sa pamilya mo.*

Pag lingon ni Teresita may malakas na pwersa na sasampal sa kanya. Matutumba siya sa sahi. Susubukan niyang tumayo pero hindi niya magawa: may mabigat na pwersang nakadagan sa kanya.

Manlalaki ang mga mata ni Teresita. May pumu pwera sa mga ito.

SEQ 2. INT. DINING ROOM. BAHAY NI TERESITA. GABI.

Nasa hapag kainan ang MAMA at PAPA (50s) ni Teresita. Walang imik, malamlam. Habang kumakain si Mama, nakatitig lang si Papa sa may pinto ng bahay. Maya maya titignan niya ang plato sa tabi niya. May nakahain pero walang tao sa silya. Matapos ang ilang sandali tatayo si Papa at lilisanin ang mesa. Maluluha si Mama.

Maririnig ang boses ng lalaki, *Wala kang kwentang anak, Teresita!*

SEQ 3. EXT. HARDIN. VATICAN. UMAGA.

Mayo 1949

Vatican. Rome

Nagmemeryenda si MONSIGNOR VAGNOZZI (40s, Italyano), Papal Delegate to the Philippines, kasama ang dalawang PARI. Nag-uusap sila sa wikang Italyano.

PARI 1

What is the deal with these little nuns in the Philippines?

PARI 2

What little nuns? And where on earth is that Phili place?

PARI 1

Philippines. Asia. The only Catholic nation there, in fact.

PARI 2

I see. So, what about those nuns?

PARI 1

You haven't been reading the news? It's all over the papers. A young novice claims to have been visited by the Blessed Mother.

PARI 2

Inside a convent?

PARI 1

Yes. I believe her name is Teresita. (Kay Monsignor)
Right, Monsignor?

Tatango si Vagnozzi.

PARI 1

She also claims to have received messages. And
there were even showers of rose petals.

PARI 2

Oh, really?

PARI 1

Yes, with thousands of people witnessing them, and
not just once but a few times. (A beat) I can't believe
you've not heard about this case. You're the only one
in the Vatican I know who hasn't.

PARI 2

Is it a case?

PARI 1

Well, no. Not officially. Not yet.

PARI 2

The Vatican is not investigating?

PARI 1

I think that's what the Monsignor is supposed to do
when he goes there.

PARI 2

(Kay Monsignor) You're going?

PARI 1

(Kay Pari 2) Next week. The Monsignor starts his
assignment as Papal Delegate.

PARI 1

(Kay Monsignor) But what do you make of it,
Monsignor?

Ilang sandali.

MONSIGNOR VAGNOZZI

The dancing sun in Fatima is one thing, but petal showers from the sky? In that part of the world? What's next? The statue of the Holy Mother crying blood or moving? The Mother herself appearing to the crowds?

SEQ 4. INT. KWARTO NI MONSIGNOR VAGNOZZI. VATICAN. GABI.

Nagdadasal si Monsignor Vagnozzi.

Malaki ang kwarto, maraming kagamitan. May ilang maleta na nakalabas. Nakahanda na ang mga gamit niya para sa isang mahabang biyahe.

Maririnig ang tinig ng isang lalaki, *That was your first encounter with a malignant force in the convent?*

SEQ 5. EXT. SCHOOL GROUNDS. UNIVERSITY OF SANTO TOMAS (UST). UMAGA.

27 Marso 1951
Maynila

Hugong sa mga aktibidad ang pinakamatandang Catholic university sa Asya. Maririnig ang tinig ni Teresita, *Yes, Father. 'Yun po ang una.*

SEQ 6. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Kausap ni Teresita si FF DE BLAS (37, Espanyol, marunong magsalita ng Filipino), Rector ng UST. Siya ang lalaki na narinig sa Seq 4.

FR DE BLAS

I suppose you reported it to the Prioress?

TERESITA

Tumakbo agad ako sa kwarto ni Mother Cecilia, Father. Nanginginig ako sa takot.

FR DE BLAS

What did she do?

TERESITA

Sinamahan niya ako pabalik sa kwarto. When we got there we saw two black footprints. Hindi paa ng tao.

FR DE BLAS

The Prioress saw them too?

Tatango si Peresita.

FR DE BLAS

And then what did she do?

TERESITA

Winisikan niya ng Holy Water tapos nilinis niya ng saya niya. She told me to pray the rosary. We prayed together.

FR DE BLAS

How can you be sure it was the devil? You know the history of that place, right? It was a hospital that became a prison for Filipinos during the war and the Japanese burned it to the ground, killing thousands of Batanguenos.

TERESITA

Multo? How would they know about me and my life? And why would they care? (A beat) Kung multo man 'yun, Father, ginamit siya ng diablo.

FR DE BLAS

Hindi kaya kagagawan 'yun ng pamilya mo? Your father is a man of power. He was Governor of your province. Maybe he hired people to play tricks on you.

TERESITA

Sa loob ng kumbento?

FR DE BLAS

Yes.

TERESITA

Impossible, Father. Walang nakakapasok na taga labas sa kumbento. (A beat) And why would he bother pulling those tricks? Bakit hindi na lang niya ako pinakidnap?

FR DE BLAS

To make you feel guilty for leaving them. Para ikaw ang magkusang umuwi sa inyo.

Sandali.

TERESITA
No, Father. Hindi yun gawa ng tao. It was the devil
that tormented me.

FR DE BLAS
Or maybe it was your guilt.

FADE TO BLACK

I. Aba Ginoong Maria

FADE IN

SEQ 7. INT. KUMPISALAN. LIPA CHURCH. UMAGA.

Pebrero 1948
Lipa, Batangas

Nangungumpisal si Teresita kay BISHOP VERZOSA (71), Obispo ng Diocese ng Lipa.
Naka uniporme siya na pang eskwela.

TERESITA
Father, pwede po ba ikumpisal ang isang kasalanan
na gagawin pa lang?

BISHOP VERZOSA
Ha? Anong ibig mong sabihin, hija?

Hindi sasagot si Teresita.

SEQ 8. INT. CLASSROOM. SCHOOL. UMAGA.

Abril 1948

Nagtitinda si Teresita ng mga gamit sa mga kaklase – damit, sapatos, atbp.

SEQ 9. EXT. KALYE SA HARAP NG BAHAY NI TERESITA. UMAGA.

Hulyo 1948

Nakatayo si Teresita sa labas ng gate, tila may malalim na iniisip.

Malaki at magara ang bahay, may hardin sa harapan.

SEQ 10. INT. HAPAGKAINAN. BAHAY NI TERESITA. GABI.

Naghahapunan si Teresita kasama ang kanyang Mama, Papa, at KUYA (20s). Binubuhusan ng MANANG (40s) ng tubig ang baso ni Teresita. *Thank you, Manang.* liwan ni Manang ang mesa.

MAMA

Teresita, what's the plan for tomorrow?

TERESITA

Kayo na bahala, Ma.

KUYA

Ano ba yan, Teresita? Twenty one ka na bukas hindi ka pa rin makapag decide on your own?

PAPA

Oo nga naman, Teresita. Ang simple simpleng bagay na nga niyan, ipapasa mo pa rin sa amin?

Sasawayin ni Mama ang mga lalaki.

MAMA

Kayo naman. Sa inyo na nanggaling na maliit na bagay ito. Let's not make it a big deal. Malamang gusto lang ni Teresita kung saan natin gusto. Para namang hindi pa kayo sanay.

Titignan ni Teresita si Mama na tila nagpapasalamat.

SEQ 11. INT. SALA. BAHAY NI TERESITA. GABI. LATER.

Tumutugtog ng piano si Teresita. Malungkot ang musika. Nagpapahinga sa sofa sina Mama at Papa. Hindi nila nakikita na lumuluha si Teresita.

TERESITA (V.O.)

It was a week before my recital in school, Father. I had to leave then or else baka hindi na ako nakaalis.

Magpapatuloy ang musika sa mga sumusunod na eksena.

SEQ 12. INT. KWARTO. BAHAY NI TERESITA. GABI. LATER.

Nagdadasal ng taimtim si Teresita sa gilid ng kama. May isang maliit na maleta sa tabi.

FR DE BLAS (V.O.)

Have you done anything like that before?

SEQ 13. EXT. HARDIN. BAHAY NI TERESITA. GABI. LATER.

Maingat na maingat na naglalakad si Teresita mula sa pinto ng bahay patungo sa gate. Bitbit niya ang maleta.

TERESITA (V.O.)
No, Father. I've never kept a big secret from my family. I've never run away.

SEQ 14. EXT. KALYE SA HARAP NG LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Bukang liwayway. Bababa ng pampasaherong jeep si Teresita sa tapat ng Lipa convent.

FR DE BLAS (V.O.)
Why did you?

TERESITA (V.O.)
I was afraid hindi nila ako papayagan. Ayaw ko pagbawalan nila ako. Ayaw ko masabi nila na sinuway ko sila.

SEQ 15. INT. SILID-TANGGAPAN. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Malugod na tatanggapin si Teresita ni MOTHER CECILIA (40s), Mother Prioress ng kumbento. Naroon din si SISTER STEPHANIE (30s, madre). Iaabot niya kay Teresita ang uniporme na pang nobisyada. May ilan pang mga madre. Lahat nakayapak.

FR DE BLAS (V.O.)
Did you have second thoughts?

TERESITA (V.O.)
I was never more sure about anything in my life. Bata pa lang ako pangarap ko na mag madre. That Summer nagbenta ako ng mga gamit ko para may pang dowry sa kumbento.

SEQ 16. INT. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Nililibot ni Sister Stephanie si Teresita sa buong kumbento – silid-kainan, kitchen, wash room, stock room, hardin, kapilya. Tangan ni Teresita sa isang kamay ang nakatuping damit na binigay sa kanya ni Sister Stephanie, bitbit sa kabilang kamay ang kanyang maleta.

Maliit lang ang gusali, dalawang palapag. Payak na payak, wala gaanong bintana, walang palamuti. Magtatapos sila sa magiging kwarto ni Teresita.

Papasok si Sister Stephanie. Bago pumasok, makakasalubong ni Teresita si LUCRESIA (20s, nobisyada). Ngingitian niya ito. Papasok siya sa kwarto. Isasara ang pintio. Sisilip sa bintana si Lucrecia.

TERESITA (V.O.) (CON'T)

I was so happy when the convent was constructed five years ago. Finally meron nang kumbento sa Lipa. I was even more convinced that I was meant for this life.

FR DE BLAS (V.O.)

You didn't feel any guilt about leaving your family the way you did?

TERESITA (V.O.)

I did, Father, pero nangibabaw ang saya. When I got there it felt like home, but a different kind of home. Kahit ibang iba ang kumbento sa bahay, it felt right. It was the happiest birthday of my life.

SEQ 17. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Kakausapin saglit ni Sister Stephanie si Teresita. Lalabas siya ng kwarto pagkatapos. Tila hindi makapaniwala si Teresita na nasa kumbento na siya. Luluhod siya sa gilid ng kama at magsisimulang magdasal ng rosaryo.

FADE OUT

Titigil ang musika. May malakas na katok sa pinto. Halos sumisigaw si Sister Stephanie, *Teresita! Teresita!*

SEQ 18. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Magiging si Teresita. Nakatulog siya habang nagdadasal.

SISTER STEPHANIE (O.S.)

Teresita, gising! Kailangan ka sa labas!

Magpapalit agad ng damit si Teresita. Susuotin niya ang uniporme.

SEQ 19. EXT/INT. GATE/ANTESALA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Yari sa makapal na kahoy ang gate. May maliit na bintana na may rehas kung saan nasisilip ang labas. May antesala bago ang silid-tanggapan.

Nandoon sina Mother Cecilia, Lucrecia, at ilan pang madre.

Maririnig ang malakas na boses ni Kuya, sumisigaw mula sa labas habang tinutulak ang gate.

KUYA

Teresita! Teresita! Lumabas ka diyan at umuwi na tayo! Tigilan mo na 'tong kabaliwang ito!

MOTHER CECILIA

Huminahon ka, hijo! Maghunos dili ka!

KUYA

Ilabas nyo ang kapatid ko kung hindi wawasakin ko itong gate ninyo!

Darating sina Sister Stephanie at Teresita.

TERESITA

Kuya, umuwi ka na! Hindi ako sasama sa iyo. Nakapag desisyon na ako. Dito na ako sa kumbento.

KUYA

Anong pinagsasabi mo? Nababaliw ka na ba? Ni hindi ka nga makapag desisyon kung saan magbebirthday, tapos sasabihin mong nakapag desisyon ka na mag madre? Kalokohan!

TERESITA

Hindi ito kalokohan, kuya. Matagal ko itong pinag-isipan at ipinagdasal.

KUYA

Ang tigas ng ulo mo ha. Kapag si Papa inatake sa puso, hinding hindi ka namin mapapatawad ni Mama.

Hindi sasagot si Teresita.

KUYA

Hindi ka ba talaga uuwi?

TERESITA

Hindi kuya.

KUYA

Ah ganon ha. Tignan natin kung kaya mo pa rin magmatigas.

Maglalabas ng baril si Kuya at itututok ito sa gitna ng dalawang bakal na rehas sa gate. Magsisigawan sa takot ang mga madre.

TERESITA

Babarilin mo ako? Papatayin mo ako, kuya? Sige, gawin mo. Iputok mo ang baril. Akala mo ba kung patayin mo ako, maiuwi mo ang bangkay ko? Dito ako ililibing. Barilin mo na ako kung gusto mo.

Hindi iimik si Kuya. Maya maya... ikakasa niya ang baril at magpapaputok.

FADE TO BLACK

SEQ 20. INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Seremonya ni Teresita bilang bagong nobisyada.

TERESITA (V.O.)

Nangangako ako na susundin ang mga utos ng Diyos sa lahat ng oras. Nangangako rin ako na susundin ang utos ng mga nakakataas sa akin sa Kongregasyon at sa buong Simbahang Katolika.

SEQ 21. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Fr De Blas at Teresita.

TERESITA

The days following that encounter with the devil were peaceful. Nakapag adjust ako sa buhay sa loob ng kumbento. (A beat) It was very far from the life of luxury and comfort I had known all my life. Mahirap pero tiniis ko. Kinaya ko.

FR DE BLAS

Pinanindigan mo ang desisyon mo dahil ayaw mo mapahiya?

TERESITA

No, Father. Dahil yun ang gusto ko. This is my calling. My vocation. And the devil knows that and wanted to break it. Pinahirapan niya ako para sumuko ako.

SEQ 22. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. GABI.

11 Agosto 1948

Natutulog si Teresita. Uuga ng malakas ang higaan. Magigising siya at magigimbal sa makikita. Sa paanan ng kama - isang maliit na FIGURA, mga limang talampakan ang taas. Sing itim ng gabi, nanlilisik ang mga matang kulay dugo, at nababalot ng apoy ang buong katawan.

FIGURA

Suwail ka Teresita! Walang kwenta! Lapastangan! Ikaw ang mananagot kung mamatay ang pamilya mo sa lungkot dahil iniwan mo sila! Hindi mo dapat pinili ang buhay sa kumbento! Suwail! Walang kwenta! Lapastangan!

Malalastas ang mga braso ni Teresita. Mapapasigaw siya sa sakit.

Aabutin ni Teresita ang Holy Water mula sa mesa. Wiwisikan niya ang Figura. Maglalaho ito.

Tatakbo palabas ng kwarto si Teresita.

SEQ 23. INT. PASILYO/KWARTO NI MOTHER CECILIA. LIPA CONVENT. GABI. LATER.

Kakatok sa pinto si Teresita, humahangos.

Magigising si Mother Cecilia. Bubuksan ang pinto. Magugulat siya. Nakahandusay si Teresita sa sahig, walang malay, basang basa ng pawis, maraming laslas ang mga braso.

FADE TO BLACK

FR DE BLAS VO

Was that the last time the devil tormented you?

TERESITA VO

No, Father.

SEQ 24. INT. HAGDAN. LIPA CONVENT. GABI.

22 Agosto 1948

Pababa ng hagdan si Teresita. May pwersang hahawak ng mahigpit sa mga paa niya. Matutumba siya pahiga sa hagdan. Unti unti siyang hihilahin ng pwersa pababa. Susubukang kumapit ni Teresita sa hagdan pero malakas ang pwersa. Makikita niyang unti unting natatanggal ang kanyang saplot, hanggang mahubad ito ng tuluyan. Mapapasigaw siya sa takot at hiya. May hahawak sa mga kamay niya, si Mother Cecilia. Hihilahin siya pataas. Ilang sandali ng tunggalian ng lakas sa pagitan ng matandang madre at ng masamang pwersa.

FADE TO BLACK

SEQ 25. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Fr de Blas at Teresita.

FR DE BLAS

Seeing yourself naked in your dreams can signify a desire to reveal your true self to others. Were you hiding something from the congregation?

TERESITA

It was not a dream, Father. Nandoon si Mother Cecilia. May iba pang madre ang nakakita.

FR DE BLAS

So, it's true you were stripped of your clothes?

TERESITA

The devil was only playing tricks on my mind.

Sandali.

TERESITA

Doon na nalaman ng lahat sa kumbento na may nangyayari sa akin...that I was battling the Evil one.

SEQ 26. EXT. KATEDRAL NG MAYNILA. GABI.

Hunyo 1949
Maynila

Paparada ang isang magarang sasakyan sa harap ng simbahan. Lalabas sa sasakyan si Monsignor Vagnozzi. Sasalubungin siya ni Bishop Santos at ng ilang pari.

SEQ 27. INT. BULWAGAN. KATEDRAL NG MAYNILA. GABI. LATER.

Welcome Dinner para kay Monsignor Vagnozzi. Magarbo ang ayos ng bulwagan, en grande ang handa, may string quartet pa. Punong puno ng kaparian. Magkatabi sa isang mesa sina Bishop Santos at Monsignor Vagnozzi. Nasa ibang mesa si Bishop Verzosa.

Tatayo si Bishop Santos. Gamit ang kutsara, kakalampagin niya ang hawak niyang baso. Tatahimik ang lahat.

BISHOP SANTOS

Good evening! It is my great honor and privilege to formally welcome, on behalf of everyone in this hall and all the clergy in the Philippines, the newest Apostolic Delegate to the Philippines, the Reverend Egidio Vagnozzi.

Palakpakan.

BISHOP SANTOS

The Holy Father has indeed given us such a big blessing by appointing this highly decorated, widely respected man of the cloth as his ambassador to the country. For the few of you who may not be too familiar, Monsignor Vagnozzi was born in Rome and studied at the Minor Seminary, Pontifical Roman Seminary, and Pontifical Lateran University, from where he obtained doctorates in philosophy, theology, and canon law. He was ordained a priest at age 22, which required a dispensation because he had not yet reached the canonical age. That should tell you a lot about how brilliant he is. Four short years later, he had already been raised to the rank of Privy Chamberlain of His Holiness. His reputation for being a staunch defender of Christian dogma and Catholic traditions precedes him. For that I have no doubt the Philippine Catholic church will reach even greater heights with his guidance. I believe that deserves a toast.

Itataas ni Bishop Santos ang kanyang baso. Tatayo ang lahat at itataas ang kanilang mga baso.

BISHOP SANTOS (CON'T)

To Monsignor Egidio Vagnozzi: Welcome to the Philippines and may your stay here be as enriching and enlightening for all Filipino Catholics as our Good Lord permits. Cheers!

CHEERS!

Magsasalita si Monsignor Vagnozzi.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Grazie! (Kay Bishop Santos) *Grazie*, Bishop Santos, Bishop of Manila! Thank you all for the very warm welcome. It is my first time in your very warm country

and I am looking forward to working with all of you as the Holy Father's Delegate here. I believe there is a lot on our plate and I am hoping for everyone's generous cooperation in making sure...

Maririnig ang karugtong ng dialogo sa susunod na eksena.

SEQ 28. INT. SILID-KAINAN. LIPA CONVENT. GABI.

Naghahapunan ang mga madre. Sapat lang ang pagkain sa kanilang mga pinggan. Tahimik. Malayong malayo sa karangyaan at kasayahan sa Maynila.

MONSIGNOR VAGNOZZI (CON'T)

...the Mother Church in the Philippines does not fall into chaos in the hands of false prophets.

Matatapos ang eksena sa pag-inom ni Mother Cecilia ng tubig.

SEQ 29. INT. OPISINA NI MOTHER CECILIA. LIPA CONVENT. UMAGA.

18 Agosto 1948

Mag-uusap sina Teresita at Mother Cecilia. Mataas ang emosyon ni Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Huhugasan mo ang paa ko tapos iinum mo ang tubig na pinaghugasan? I can't do that, Teresita. Hindi ako papayag sa gusto mo.

TERESITA

Hindi po ako ang may gusto, Mother.

SEQ 30. INT. PASILYO SA LABAS NG KWARTO NI TERESITA/KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. UMAGA. EARLIER.

Naglalakad si Teresita patungo sa kanyang kwarto. Nang malapit na siya ng pinto, titigil siya. Tila may kakaiba sa paligid. Tutuloy siya sa kwarto. Makikita niya ang isang BABAE, nakaupo sa kama, nakatalikod sa kanya, nakasuot ng puting damit, may mahabang belong puti sa ulo.

BABAE

Do not be afraid. My Son has sent me to give you a message.

Napakalambot at napakalamig ng boses.

Lalapit si Teresita, haharapin ang Babae. Makikilala niya ito. Maluluha. Maninikluhod.

BABAE

The trials you have been through made me sad. But your faith and that of your Mother Prioress give me joy. Love and trust her, my child. The enemy is jealous of her, too. Wash her feet and drink the water from it. It's for the salvation of your souls.

TERESITA

Yes, Holy Mother.

Ang Babae ay ang Banal na Ina, ang MEDIADORA.

FADE OUT

II. Napupuno Ka Ng Grasya

FR DE BLAS (V.O.)

Was that your first encounter with the Lady?

TERESITA (V.O.)

No, Father. The first happened almost two weeks before.

FADE IN

SEQ 31. INT. PASILYO SA LABAS NG KWARTO NI TERESITA/KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. UMAGA.

7 Agosto 1948

Papasok sa kwarto si Teresita. Maririnig niya ang boses ng Mediadora: *My daughter, suffering will always be with you until the end of your life.*

Bubuksan uli niya ang pinto para tignan kung may madreng dumaan. Wala.

SEQ 32. INT. PASILYO. LIPA CONVENT. UMAGA.

19 Agosto 1948

Naglalakad si Teresita, nakayuko.

SEQ 33. INT. OPISINA NI MOTHER CECILIA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Nagsusulat sa mesa si Mother Cecilia. May kakatok sa pinto.

MOTHER CECILIA

Bukas 'yan. Pasok.

Papasok si Teresita, nakayuko pa rin ang ulo.

MOTHER CECILIA

O, Teresita. Bakit ka ganyan?

Itataas ni Teresita ang kanyang ulo. Mababalisa si Mother Cecilia. May dugo ang mga mata ni Teresita.

MOTHER CECILIA

Santisima! Ano'ng nangyari sa 'yo?

TERESITA

The Blessed Mother said she told you that you would know the proof you're looking for when you see it.

SEQ 34. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Nakaupo sa silya si Mother Cecilia. Hindi maipinta ang mukha.

Nakaupo naman sa lupa si Teresita. Hindi rin maipinta ang mukha. May dugo pa rin ang mga mata. Naroon ang lahat ng mga madre.

May hawak na tuwalya at baso si Sister Stephanie. Darating si Lucrecia, may dalang palanggana at pitchel ng tubig. Ilalagay niya ang mga ito sa tabi ni Teresita.

Kukunin ni Teresita ang mga paa ni Mother Cecilia, ilalagay sa palanggana. Kukunin niya ang pitchel, bubuhusan ng tubig ang mga paa ni Mother Cecilia. Nakapikit si Mother Cecilia; hindi niya maatim tignan ang ginagawa ni Teresita.

Uubusin ni Teresita ang tubi sa pitchel. Sa palanggana magkukulay lupa ang tubig dahil sa dumi ng mga paa ni Mother Cecilia.

Kukunin ni Teresita kay Sister Stephanie ang tuwalya. Pupunasan ang mga paa ni Mother Cecilia. Hahalikan niya ang mga ito atsaka tatanggalin sa palanggana.

Kukunin niya ang baso, sasalok ng maruming tubig sa palanggana. Dahan dahan niyang ilalapat sa kanyang bibig ang baso. Halatang mabigat din sa kanyang kalooban ang ginagawa, tila napipilitan. Maluluha siya. Maluluha din si Mother Cecilia. Iinumunin ni Teresita ang tubig sa baso. Bigla siyang tatakbo palayo.

SEQ 35. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. GABI.

Nakahiga si Teresita sa kama, masama ang pakiramdam. Pinupunasan ni Mother Cecilia ng basang tuwalya ang kanyang mga braso at mukha.

TERESITA

Why has the devil chosen to taunt me? And why has the Blessed Mother chosen me to bring her messages? I don't understand, Mother. Hindi ako mabuting anak. Matigas ang ulo ko.

MOTHER CECILIA

The Lord's ways are not our ways, Teresita. His grand designs are not always clear to us. Ang importante we put our full faith in Him. We trust Him. And we also cling to the Holy Mother. Iyan ang susi sa matiwasay na buhay, lalo na sa kabilang buhay.

TERESITA

Pero bakit sinabi sa akin ng Birhen na lagi ako nagdurusa buong buhay ko?

Hindi sasagot si Mother Cecilia.

Sandali.

MOTHER CECILIA

Tahan na, Teresita. Ipahinga mo na ang iyong isipan. Baka lalo pang sumama ang pakiramdam mo.

TERESITA

Hindi ko po alam kung hanggang saan ang makakayanan ko, Mother.

MOTHER CECILIA

Tahan na, Teresita. Tahan na.

Hahalikan ni Mother Cecilia sa noo si Teresita at yayakapin.

SEQ 36. INT. PASILYO. LIPA CONVENT. GABI. LATER.

Nakasilip si Lucrezia sa bintana sa pinto ng kwarto ni Teresita. Matitigilan siya. Hindi maipinta ang mukha. Gulat. Selos. Galit.

SEQ 37. INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Nag-uusap sina Mother Cecilia at Sister Stephanie.

MOTHER CECILIA

Mayroon ka pa bang gustong pag-usapan, Stephanie?

SISTER STEPHANIE

Wala na po, Mother.

MOTHER CECILIA

Sigurado ka?

Mag-iisip si Stephanie.

MOTHER CECILIA

Wala pa kasi ni isa sa inyo ang nagtatanong sa akin tungkol sa mangyari, yung – (papatlangin ni Sister Stephanie)

SISTER STEPHANIE

Paghuhugas ni Teresita ng mga paa n'yo?

Tatango si Mother.

SISTER STEPHANIE

Ang totoo niyan, Mother, napakalaking palaisipan sa amin 'yun. Pero siyempre, sino ba naman kami para usisain kayo tungkol doon. (A beat) Iniisip na lang namin na, dahil hinayaan ninyong mangyari 'yun, may matinding dahilan.

MOTHER CECILIA

Salamat. (A beat) Pero paano n'yo nasabing hinayaan kong mangyari iyon?

SISTER STEPHANIE

Sigurado naman kami, Mother, na hindi kayo ang may gusto nun. Hindi n'yo naman magagawa ang utusan ang kahit sa sino na hugasan ang mga paa ninyo tapos inumin ang tubig na pinaghugasan.

Tatango si Mother.

SISTER STEPHANIE (CON'T)

Nananalig kami na tama ang naging desisyon mo sa hiling na iyon ni Teresita. Ayaw na rin naming pakialaman si Teresita, Malinaw naman sa amin na, kung ano man ang puno't dulo ng nangyari, iyon ay sa pagitan lamang ninyong dalawa.

MOTHER CECILIA

Salamat, Stephanie. Maraming maraming salamat. (A beat) Magiging malinaw din ang lahat ng ito sa inyong lahat sa takdang panahon.

SISTER STEPHANIE

Yes, Mother. In God's time.

Yayakapin ni Mother si Sister.

SEQ 38. INT. PASILYO SA LABAS NG KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA.

Nobyembre 1949

Magbubukas ang pinto ng kapilya. Lalabas si Sister Stephanie. Makikita sa pasilyo na nakapila ang ibang mga madre. Si Lucrecia ang susunod sa pila. Papasok siya sa kapilya at isasara ang pinto.

SEQ 39. INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Nakaupo malapit sa altar si Mother Cecilia. Lalapit sa kanya si Lucrecia, mauupo sa tabi.

Malamlam ang mukha ni Lucrecia.

MOTHER CECILIA

Masama ba ang pakiramdam mo, Lucrecia?

LUCRESIA

Aalis na ako.

MOTHER CECILIA

Aalis? Anong ibig mo sabihin? Saan ka pupunta?

LUCRESIA

liwan ko na ang kumbento.

Sandali.

MOTHER CECILIA

Hindi ko masasabing sorpresa ito para sa akin.

LUCRESIA

Ano ibig mong sabihin, Mother?

MOTHER CECILIA

Nararamdaman kong hindi ka na masaya dito.

LUCREASIA

Akala ko hindi ninyo napapansin.

MOTHER CECILIA

Hindi ako bulag, Lucreasia. Hindi rin ako manhid.
Nagbago ka mula ng pumasok si Teresita.

LUCRESIA

Kasi nagbago ka. Wala ka ng inatupag kundi si
Teresita. Sa kanya uminog ang mundo mo.
Nakalimutan mo na ako. Initsapwera. Binalewala.

MOTHER CECILIA

Alam kong hindi ka naniniwala sa kanya. Alam
naming lahat.

Hindi sasagot si Lucreasia.

MOTHER CECILIA

Kung may ginagawa man ako kay Teresita na hindi ko
ginagawa sa iyo at sa iba, iyon ay dahil kailangan

niya iyon bilang pinili ng Mahal na Ina. Hindi ninyo alam ang mga hirap na pinagdaanan niya. Hindi ninyo alam dahil marami kaming inilihim sa inyo bilang pagsunod sa kahilingan ng Mahal na Ina. Para lang malaman mo, muntik nang sumuko si Teresita.

LUCRESIA

Akala ko mahal mo ako.

MOTHER CECILIA

Mahal kita, Lucrecia. Mahal ko kayong lahat.

MARITES

Akala ko may unawaan tayo.

MOTHER CECILIA

Unawaan? Anong unawaan?

Hindi sasagot si Lucrecia.

Mapagtatanto ni Mother Cecilia ang ibig sabihin.

MOTHER CECILIA

Maghunos dili ka, Lucrecia! Nakapandidiri ang sinasabi mo! Manikluhod ka ngayon din at magdasal. Humingi ka ng tawad sa Diyos.

Tatakbo palabas si Lucrecia.

Luluhod si Mother Cecilia, magdadasal.

SEQ 40. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Fr De Blas at Teresita.

FR DE BLAS

The other nuns, did they already know that you had seen and had spoken to the Lady in your room in those early days of what you claim are her visitations to you?

TERESITA

Hindi pa, Father. Mother said it was not time yet to tell them. She was also obeying Bishop Verzosa's order to keep things between us until...

FR DE BLAS

Until he was convinced?

TERESITA

Yes. Until he got proof that my claims were true.

FR DE BLAS

You didn't know that some in the convent were saying things about you and the Prioress?

TERESITA

Alam ko, Father. Sinasabi nila na paborito ako ni Mother Cecilia. That she was treating me very special kasi I was not like anybody else in the congregation...dahil anak mayaman ako.

FR DE BLAS

That you had a relationship.

Hindi alam ni Teresita ang isasagot.

FR DE BLAS

An indecent relationship.

Tigalgal si Teresita.

FR DE BLAS

Indecent. Immoral. That you had a romantic, even sexual relationship.

TERESITA

No, Father! No!

FR DE BLAS

Tell me the truth, Teresita.

TERESITA

I am telling you the truth.

Maiiyak si Teresita.

FADE OUT

III. Ang Panginoong Diyos Ay Sumasaiyo

Maririnig ang tunog ng isang ibong lumilipad.

FADE IN

SEQ 41. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. UMAGA.

20 Agosto 1948

Magigising si Teresita. Makikita niya ang isang ibon na kulay asul, paikot ikot sa kwarto. Babangon siya at hahabulin ang ibon hanggang lumabas ito sa bintana. Pagharap niya muli sa kwarto, aambon ng mga talulot ng rosas. Pagbagsak sa sahig ng mga talulot, magkokorteng krus.

SEQ 42. INT. PASILYO SA LABAS NG KWARTO NI TERESITA/KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. GABI.

1 Setyembre 1948

Naglalakad si Teresita patungo sa kwarto. Pagpasok sa loob, nandoon ang Mediadora. Ito ang unang pagkakataon na makikita ng manonood ang mukha niya. Napakaamo. May hawak na rosaryo sa kanang kamay, nakayapak lang.

MEDIADORA

The Mother Church is losing many vocations around the world. She needs prayers, penance, and sacrifices from the faithful like you. Help me bring my message, my daughter.

TERESITA

I am your handmaid, Mother. I will do what you ask of me.

MEDIADORA

Thank you, my beloved.

TERESITA

Mother, if it's not too much to ask, may I have the honor of kissing even just one of your feet?

MEDIADORA

Come, child.

Hindi makapaniwala si Teresita. Lalapit siya Mediadora. Maingat niyang hahalikan ang mga paa ng Mahal na Ina.

MEDIADORA

Love much, my daughter, for you are much loved.

Walang masidlan ang kaligayahan ni Teresita.

SEQ 43. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

12 Setyembre 1948

Nagdadasal ng rosaryo si Teresita. Gagalaw ang baging sa harapan. Susuriin niya ito.

Magpapakita ang Mediadora. Nakalutang, mga dalawang talampakan ang taas mula sa lupa, ang mga paa nakatapak sa maliit ng ulap.

MEDIADORA

I want you to visit me here on this spot for fifteen consecutive days.

13 Setyembre 1948

MEDIADORA

My child, please pray for priests and nuns and help me by doing some penance for them. Pray for them as you have not prayed before. The sacred heart of my Son bleeds anew for every fallen priest or nun. To some, pride was the obstacle to go back to the true fold, and shame hardened their hearts. I give you now my blessing, little one. I am your mother.

14 Setyembre 1948

MEDIADORA

My child, gather everyone here tomorrow and have this place blessed to always remind everyone that I have been here.

SEQ 44. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

15 Setyembre 1948

Nakaluhod sa hardin ang buong kongregasyon, nagdadasal ng rosaryo sa pangunguna ni Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.

LAHAT

Amen.

Tatayo ang lahat.

MOTHER CECILIA

Dalawin mo, O Panginoon, ang aming tahanan at punuin ng kagalakan ng iyong presensya. Basbasan mo ang hardin na ito upang maging bukal ng iyong kaliwanagan at kagalakan para sa lahat na paririto. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristo sa pamamagitan ni Inang Maria.

LAHAT

Amen.

Magsisimula ang pagbasbas ni Mother Cecilia. Habang umiikot sa hardin aambon ng mga talulot ng bulaklak. Magigitla ang lahat. Ito ang kauna unahang karanasan nila sa ganitong milgaro. Mapapaluhod ang ilan sa galak, ang ilan maiiyak, ang ilan sasaluhin ang mga talulot, ang ilan hindi alam ang gagawin, ang ilan tatakbo sa takot papasok ng kumbento.

SEQ 45. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

Kausap ng Mediadora si Teresita.

16 Setyembre 1948

MEDIADORA

My daughter, I want a statue of myself to be made so that my little ones can see me. I want my statue to look as you see me and as big as that of Our Lady of Lourdes which stands inside the cloister. Tell your Mother Prioress that I ask the whole community to please pray here every afternoon during the remaining days. I bless you all.

20 Setyembre 1948

MEDIADORA

My child, the simple words I spoke to the Angel Gabriel are of spiritual value for all mankind. "Be it done unto me" is a complete surrender of myself to what God wanted. It is a commitment to lovingly embrace and save the world.

26 Setyembre 1948

MEDIADORA

Little one, tell your sisters to love one another. Love much and remember that love is proved to be true in the act of giving generously without counting the cost. The most precious gift to give is the gift of love – your everything without reserve. Be good, be simple, be humble and obedient. But remember that love is about all these virtues. I bless you all. I am Mary, the Mediatrix of all Grace.

FADE TO WHITE

IV. Bukod Kang Pinagpala sa Babaeng Lahat

SEQ 46. EXT. CONVENT GROUNDS. LIPA CONVENT. UMAGA.

Disyembre 1948

Dagsa ang mga tao, libo libo. Ibang iba na ito sa langkag at tahimik na kumbento noong pumasok si Teresita.

Nagmimisa si BISHOP VERZOSA (71), Obispo ng Lipa. Makikita sa may altar ang rebulto ng Mediadora.

BISHOP VERZOSA

Ang mga mensahe na natanggap ni Sister Teresita mula sa ating Mediadora ay napakalaking biyayang ipinagkaloob sa atin. Patunay ito na mahal na mahal niya tayo. Kung paanong pinili niya ang Fatima para maghatid ng mga mahalagang mensahe para sa buong mundo sa gitna ng Unang Digmaang Pandaigdig, gayon din ang pagpili niya ang Pilipinas para maghatid ng mga mensahe para sa lahat ilang taon matapos ang Ikalawang Digmaan. Dito, sa lugar na ito kung saan libo-libong Batangueno ang pinaslang ng mga dayuhang mananakop mula sa bansang Hapon. Kaya dapat tugunan natin ito ng wagas na pananampalataya at pagsunod, para sa ikabubuti ng sangkatauhan.

SEQ 47. INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Naglilinis ng kapilya sina Mother Cecilia, Sister Stephanie, Teresita at iba pang madre.

SISTER STEPHANIE

Dumarami pa ang mga mirakulo ng Mediadora.

MADRE 1

Ano ba ang pinakabago?

SISTER STEPHANIE

Ayon sa dyaryo, may sanggol daw na ipinanganak na may butas sa bungo pero matapos pahiran ng kanyang nanay ng holy water na may talulot ng rosas na galing dito sa atin, naghilom ang butas.

MADRE 2

Ay, praise God! Salamat sa Mediadora! Salamat, Teresita!

TERESITA

Tagapaghatid lang naman ako ng mga mensahe ng Mahal na Ina. Wala akong kinalaman sa mga himala.

Papasok si Bishop Verzosa. May dala siyang isang bayong. Magbibigay galang ang mga madre sa kanya. Iaabot niya kay Mother Cecilia ang bayong.

BISHOP VERZOSA

Ito na ang koleksyon sa misa kanina.

Tatanggapin ni Mother Cecilia. Sisilipin. Matutuwa.

MOTHER CECILIA

Mukhang hindi lang ang pagsisimula ng konstruksyon ng simbahan ang mapapa aga, Bishop. We should be able to finish the project earlier, too, kung magpapatuloy ang pagpasok ng ganito kalaking mga donasyon.

BISHOP VERZOSA

God-willing, Mother! The Mediadora deserves to have a nice home of her own here in Lipa. (A beat) I'm thinking of inviting the President and the First Lady to the groundbreaking ceremony. Is that okay?

MOTHER CECILIA

Of course, Bishop! That's a great idea.

BISHOP VERZOSA

I hope they come.

Hindi sasagot si Mother. Tititigan lang niya si Bishop, may malaking ngiti.

BISHOP VERZOSA

Bakit, Mother?

MOTHER CECILIA

Wala naman. Napakaswerte lang ng Lipa na ikaw ang naging Obispo namin. Thanks for believing in Teresita.

BISHOP VERZOSA

Now you're happy. Noong isang buwan lang sigurado akong galit na galit kayo sa akin dahil inutusan ko kayong itigil ang debosyon sa Mediadora.

MOTHER CECILIA

Hindi naman, Bishop. Naintindihan namin.

BISHOP VERZOSA

(Kay Teresita) Teresita, kinukumusta ka pala sa akin ng mama at papa mo. Inimbitahan nila ako mananghalian sa inyo noong Linggo

Matutuwa si Teresita.

BISHOP VERZOSA

They asked me to tell you na hindi na muna sila pupunta dito para walang masabi ang mga tao.

MOTHER CECILIA

(Kay Bishop) I think that's wise, para matigil na ang makakating utak at dila na nagsasabing gagamitin nila si Teresita para manalo sa susunod na eleksyon.

BISHOP VERZOSA

Agree!

Tatango si Teresita.

SEQ 48. EXT. SIMBAHAN SA MAYNILA. UMAGA.

Enero 1949

Maynila

Pista ng Santo Niño. Sa labas ng simbahan idinaraos ang kompetisyon ng karakol. May stage kung saan nanonood sina Bishop Verzosa, Bishop Santos, at iba pang mga VIPs.

Ang eksena ay montage ng mga kalahok na grupo ng mga mananayaw. Makulay at magarbo ang mga kasuotan.

Sa pagtatapos ng programa, magsasalita si Bishop Santos.

BISHOP SANTOS

Bago ko i-anunsyo ang nagwagi sa patimpalak, nais ko lang ipaalala na hindi lahat ng magandang nakikita ng ating mga mata at nadarama ng ating puso ay galing sa Diyos. Ang iba diyan ay huwad at galing sa diablo. Nang aakit sa simula para makuha ang ating tiwala at paniniwala hanggang mapariwara tayo nang hindi natin namamalayan. Kailangan nating maging maingat at mapanuri, huwag padalos dalos sa ating mga desisyon. Amen?

Mapapatingin si Bishop Verzosa kay Bishop Santos. Siya ba ang pinaparinggan?

Amen!

SEQ 49. INT. KWARTO. SIMBAHAN SA MAYNILA. GABI.

Nagbabasa ng Bibliya si Bishop Verzosa. May kakatok sa pinto. Bubuksan niya ito. Tatambad si Bishop Santos.

BISHOP VERZOSA

Bishop.

BISHOP SANTOS

Sana hindi kita naabala.

BISHOP VERZOSA

Hindi naman. Nagbabasa lang para sa homily ko
bukas.

BISHOP SANTOS

May I talk to you for a bit?

BISHOP VERZOSA

Of course.

Papasok si Bishop Santos.

BISHOP VERZOSA
Tungkol ba ito sa sinabi mo kanina sa karakol?

BISHOP SANTOS
Oh, you noticed.

BISHOP VERZOSA
I understand where you're coming from.

BISHOP SANTOS
I'm glad to hear that.

BISHOP VERZOSA
But I do have to tell you, and I hope you don't take this the wrong way, na may mga pagkakataon din na talagang kailangan mo na maniwala dahil nasa harap mo na ang ebidensya. Nasa mga kamay mo na ang katibayan at hindi mo na maikakaila.

BISHOP SANTOS
The petals from heaven?

Bubuksan ni Bishop Verzosa ang kanyang bag. Maglalabas ng isang maliit na kahon at bubuksan. Ilalabas ang laman – isang talulot ng rosas. Iaabot kay Bishop Santos. Tititigan niya ito.

BISHOP VERZOSA
Ano ang nakikita mo?

BISHOP SANTOS
Parang may pigura.

BISHOP VERZOSA
Si Hesukristo.

Sandaling katahimikan.

BISHOP VERZOSA
I thought it was all rubbish at first. Believe me, Bishop, I did. I thought that that sheltered, privileged young novice from the family of the former governor of Lipa was just bored out of her wits in the convent and was making things up about seeing the Holy Mother...to amuse herself. I even ordered the nuns to stop

exposing the statue of the Mediadora, until I saw the flowers with my own eyes and held them with my hands.

BISHOP SANTOS

Hindi kaya napaghandaan nila ang pagdating mo at sila ang may gawa ng ambon ng mga bulaklak?

SEQ 50. EXT. GATE. LIPA CONVENT. UMAGA.

4 Oktubre 1948

Malakas ang pagkatok ni Bishop Verzosa sa gate. Kabubukangliwayway pa lang. Malakas ang hangin.

Bubuksan ng isang madre ang gate. Papasok si Bishop, nagmamadali. Sasalubungin siya ng isa pang madre sa antesala pero halos hindi niya ito pansinin. Tutuloy si Bishop sa main door ng kumbento.

BISHOP VERZOSA (V.O.)

Walang nakakaalam na pupunta ako sa kumbento noong araw na iyon. I did not tell anyone. And I made sure to go there at break of dawn to catch them off guard.

SEQ 51. INT. MAIN DOOR. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Pagpasok ni Bishop sa loob ng kumbento, sasalubungin siya ng ambon ng mga talulot ng rosas. Tuwid ang pagbagsak mula sa itaas kahit may ihip ng hangin mula sa labas. Matitigilan si Bishop, pagmamasdan ang ambon ng mga talulot.

BISHOP VERZOSA (V.O.)

Pagtapak na pagtapak ko sa loob ng kumbento, iyon ang sumalubog sa akin. The petals. They were falling gently from the ceiling in a straight line, just like rainshower.

BISHOP SANTOS (V.O.)

How sure were you that someone wasn't throwing them down from upstairs?

BISHOP VERZOSA (V.O.)

Because I went upstairs to check.

Tatakbo sa hagdan si Bishop Verzosa at aakyat sa ikalawang palapag.

SEQ 52. INT. KWARTO. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Papasok siya sa kwarto. linspeksyunin kung may butas sa pwesto kung saan umuulaan ng talulot sa ibaba. Wala siyang makitang butas o malaking siwang sa sahig.

BISHOP VERZOSA (V.O.)

Walang tao. At walang butas sa sahig. Ni malaking siwang, wala.

SEQ 53. INT. MAIN DOOR. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Tatakbo pabalik sa baba si Bishop.

BISHOP VERZOSA (V.O.)

When I went back downstairs, the petals were still falling. It was beautiful, Bishop.

Mapapaluhod si Bishop Verzosa at maluluha.

SEQ 54. INT. KWARTO. SIMBAHAN SA MAYNILA. GABI.

Balik sa pag-uusap nina Bishop Santos at Bishop Verzosa.

BISHOP SANTOS

Maaaring hindi iyon gawa ng tao, pero paano ka nakakasiguro na gawa iyon ng Diyos at hindi ng diablo? You know the history of that place during the war.

BISHOP VERZOSA

Are you questioning my discernment, Bishop?

Mapagtatanto ni Bishop Santos. Kalabisan ang kanyang sinabi.

BISHOP SANTOS

No, Bishop. I'm sorry. That was out of line.

Hindi sasagot si Bishop Verzosa.

Sandali.

BISHOP SANTOS

Granting what you saw was real –

Papatlangin siya ni Bishop Verzosa.

BISHOP VERZOSA

It was real! That petal you are holding is real, and it will never depart from me until I die.

BISHOP SANTOS

I just wish you did not rush your decisions.

BISHOP VERZOSA

'Yung payagan ang mga madre na ilabas muli ang imahen ng Mediadora at ipagpatuloy ang debosyon?

BISHOP SANTOS

Exactly.

BISHOP VERZOSA

Why wait? You don't wait when things like that happen.

BISHOP SANTOS

But, Bishop, have you forgotten?

BISHOP VERZOSA

Forgotten what?

BISHOP SANTOS

That decisions about miracles are only in the hands of the Holy Father.

Hindi sasagot si Bishop Verzosa. Alam niyang tama si Bishop Santos.

SEQ 55. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

28 Marso 1951

Ikalawang araw ng pag-uusap nina Teresita at Fr de Blas.

FR DE BLAS

I hope you had a good rest last night.

TERESITA

I can't say I did.

FR DE BLAS

Nahirapan ka matulog?

Tatango si Teresita.

FR DE BLAS

Why? Did the devil torment you again?

liling si Teresita.

FR DE BLAS

Is something bothering you? Is there something you want to admit? Or confess?

TERESITA

None, Father. I've been honest with you. Wala akong tinatago. Wala akong dapat ikumpisal.

FR DE BLAS

Good. Can we start?

Sandali.

TERESITA

What is this really for, Father?

FR DE BLAS

What do you mean?

TERESITA

Itong pag-uusap natin. (A beat) Why does it feel like I'm being interrogated?

FR DE BLAS

I can't answer that. Ikaw ang makakasagot niyan. Why do *you* think you are being interrogated? May ginawa ka bang masama?

TERESITA

Wala, Father.

FR DE BLAS

So, shall we start?

Hindi na maakikipag debate si Teresita. Tatango na lang.

FR DE BLAS

How would people describe you?

TERESITA

niyan.

I can't answer that, Father. Sila ang makakasagot

FR DE BLAS

Clever. (A beat) Let me rephrase the question. Ano sa tingin mo ang tingin ng iba sa iyo, say, your friends or classmates?

TERESITA

Siguro tahimik, mahiyain.

FR DE BLAS

Creative?

TERESITA

In what way?

FR DE BLAS

Like In the arts?

Mapapa isip si Teresita.

TERESITA

Drawing?

FR DE BLAS

Drawing, writing, acting. Those sorts of things.

TERESITA

I can write pero hanggang academics lang. Hindi ako marunong magsulat ng fiction. Wala rin akong talent sa drawing. Sa acting, I played an angel in an Easter Salubong when I was around 4 and then Mama Mary in a Christmas play in High School. That's it, Father.

FR DE BLAS

Do you like reading?

TERESITA

Academic books, yes. I was very studious in school.

FR DE BLAS

Kasama ba sa pagiging studious mo ang pag-aaral sa mga buhay ng mga santo?

Mag iisip si Teresita.

TERESITA
Hindi ko masabing oo, Father.

FR DE BLAS
What about the lives of visionaries?

TERESITA
Yung mga pinagpakitaan ng Mahal na Birhen?

FR DE BLAS
Exactly.

TERESITA
Sa Lourdes, Ilang beses nagpakita ang Mahal na Birhen kay Sister Bernadette sa isang grotto sa France. Hindi ko na maalala kung kailan. Sa Fatima, tatlong bata ang pinagpakitaan ng Mahal na ina. Hindi ko rin matandaan kailan.

FR DE BLAS
That's all?

TERESITA
Oh, there was a dancing sun in Fatima.

FR DE BLAS
That's it?

TERESITA
Yes, Father. Why? What else should I know?

Saglit.

FR DE BLAS
It's just not making a lot of sense that someone who claims to have wanted to become a nun since childhood does not know a lot about these famous Marian visionaries.

TERESITA
Bakit, Father? Kailangan ba alam ng lahat ng gusto mag madre ang tungkol sa mga buhay nila? Isn't devotion to the Blessed Mother enough?

Tama si Teresita. Sandaling katahimikan.

FR DE BLAS

You've been playing the piano since you were little, right?

TERESITA

Yes, Father. Piano lang ang hobby ko ever since. Some days I would even play for hours on end. Madalas nakakatulog sila mama and papa sa sala sa gabi while I play.

FR DE BLAS

That was your only outlet, playing piano?

TERESITA

And praying.

FR DE BLAS

Hindi ka ba naghanap ng ibang outlet nung pumasok ka ng kumbento where you weren't able to play the piano anymore?

TERESITA

I just prayed more.

FR DE BLAS

Didn't your mind start to wonder? Didn't you start seeing and imagining things?

Alam ni Teresita ang gustong tumbukin ni Fr de Blas.

TERESITA

No, Father. The Mediadora wasn't a figment of my imagination. Nagpakita siya sa akin. Kinausap niya ako at kinausap ko siya. Totoong totoo siya.

FR DE BLAS

And the petals?

TERESITA

Many have proof that they're real.

FR DE BLAS

The petals may be real but did they fall from heaven?

TERESITA

Maraming witnesses, Father, including priests and nuns. I suggest you ask Bishop Verzosa, too.

FR DE BLAS

Some people are saying gumamit ng blower sa kumbento.

TERESITA

Blower? Ano yun?

FR DE BLAS

A very big electric fan.

TERESITA

Imposible po 'yun, Father.

FR DE BLAS

Why?

TERESITA

Kahit po may ganoon kalaking electric fan sa kumbento, hindi po 'yun gagana. Wala po kaming kuryente.

SEQ 56. INT. STOCK ROOM. LIPA CONVENT. UMAGA.

Nagbabasa ng dyaryo si Sister Stephanie. Inaayos ni Teresita at isa pang MADRE ang mga kahon sa mga istante.

SISTER STEPHANIE

Saan kaya napupulot ng mga writer na ito ang ideya na tayo tayo lang dito sa kumbento ang nagdodrawing sa mga talulot ng rosas? Parang napakataas naman ng tingin nila sa atin na kaya natin mag drowing ng mga gay-on. At sa dinami dami ng mga talulot na may imahen tuwing aambon ng mga ito...

SEQ 57. INT. WAREHOUSE. UMAGA.

Hile hilera ng mga mesa. Bawat isa may nakaupong madre, nagdodrawing sa mga talulot ng rosas. Sa isang gilid ng mesa may malaking supot kung saan kinukuha ng mga madre ang mga talulot, sa kabilang gilid ang supot na pinaglalaman nila ng mga talulot matapos nila drowingan.

SISTER STEPHANIE (V.O.) (CON'T)
...aba'y isang factory na pala ang kumbento at wala
tayong inatupag buong araw at magdamag kundi ang
mag drowing. Naturingang mga writer sa dyaryo pero
mukhang hindi na nag-iisip. Pekeng balita ang
sinusulat.

SEQ 58. INT. STOCK ROOM. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Balik sa Seq 56.

SISTER STEPHANIE
Buti pa itong mga taga pelikula.

MADRE
Bakit?

SISTER STEPHANIE
Gagawa daw ng pelikula tungkol sa Mediadora batay
sa mga pangyayari dito sa ating kumbento.

MADRE
Totoo ba?

SISTER STEPHANIE
Ayon dito sa dyaryo. Ang pamagat daw ay Milagro ng
Birhen ng Mga Rosas at ang bida ay sina Tita Duran
at Pancho Magalona.

MADRE
Wow! Ang sisikat ng mga artista. (A beat) Sino kaya
ang gaganap kay Teresita?

SISTER STEPHANIE
Wala sa balita. (Kay Teresita) Teresita, sino ba ang
gusto mong gumanap bilang ikaw sa pelikula?

Mahihiya si Teresita sa tanong. Ngiti lang ang isasagot. Magtutuloy ang kanilang
pag-uusap pero hindi na maririnig.

Maririnig ang tinig ng isang lalaking REPORTER, *We are coming to you live from La
Guardia Airport in New York...*

SEQ 59. EXT. LA GUARDIA AIRPORT. NEW YORK. UMAGA.

Agosto 1949

Nagbabalita ang TV REPORTER 1 mula sa lobby ng airport. Punung puno ng tao, marami sa kanila nagrosaryo ng sabay-sabay. Karamihan mga Pilipino pero may ilan ding mga banyaga. Maririnig ang kanilang pagdarasal kasabay ng report, *Hail Mary full of grace, the Lord is with you. Blessed are you among women and blessed is the Fruit of your womb, Jesus. Holy Mary, Mother of God...*

TV REPORTER

Where hundreds of Catholic devotees have gathered to welcome the pilgrim image of Mary, Mediatrix of all Grace all the way from the Philippines. This is a historic first in the U.S. and the sight and sound of devotees praying the rosary together as a community inside the airport is truly unprecedented.

SEQ 60. EXT. DOWNTOWN STREET. NEW YORK. GABI.

Nagbabalita ang TV REPORTER 2 habang libo libong deboto ang nagpuprusisyon kasama ang imahen ng Mediadora. Kasabay ng report, maririnig ang pagkanta ng mga nagpuprusisyon ng "Immaculate Mother:" Immaculate Mother, to you do we plead, To ask God, our Father, for help in our need. Ave, Ave, Ave Maria! Ave, Ave, Ave Maria...

TV REPORTER 2

In another history-making event in the U.S., the first pilgrim from the Philippines, that of Mary, Mediatrix of All Grace, is now making its way through one of the busiest streets in downtown New York, flanked by thousands of Catholics. Most are Filipinos but there are many Americans, too, as well as other nationalities who have become devotees of the Blessed Mother after she allegedly appeared and spoke to a young novice in a small town called Lipa, south of the Philippine capital of Manila.

SEQ 61. EXT. CONVENT GROUNDS. LIPA CONVENT. UMAGA.

Buhay na buhay ang labas ng kumbento. Napakaraming tao at mga sasakyan. Marami ang nakapila papasok, maraming nagtitinda ng kung ano-ano, maraming nagmimiron. Magulo, maingay. Malayong malayo na ito sa tahimik at mapanglaw na kumbento nang pumasok si Teresita.

Maririnig ang tinig ng isang RADIO REPORTER.

RADIO REPORTER (V.O.)

It has been exactly a year since those alleged supernatural phenomena that turned a formerly quiet, even desolate locale into an unlikely boom town. In fact, Lipa became so popular that the country's flag carrier, Philippine Airlines, created a new route from Manila to shuttle people from and to Marian in less than an hour, a trip that takes at least three hours by private car, longer by public transport.

SEQ 62. EXT. CONVENT GROUNDS. LIPA CONVENT. UMAGA.

Cornerstone-laying ceremony sa pangunguna ni Bishop Verzosa. 70,000 katao ang naroon.

RADIO REPORTER (V.O.) (CON'T)

And it's not just ordinary folks that make the pilgrimage. No less than the country's current President, Elpidio Quirino, has made a visit, attending a mass at the convent along with thousands of devotees in May 1949. This came months after the cornerstone-laying ceremony for the new Church that is being built at the site attracted a crowd of over 70,000, with some estimates even at a high of 100,000.

SEQ 63. INT. KWARTO NI MONSIGNOR VAGNOZZI. NUNCIO NG MAYNILA. GABI.

Nakikinig si Monsignor Vagnozzi sa radyo.

REPORTER (CON'T)

Reports have it that the construction of the Church is being funded entirely by donations from the people. Imagine how much that one ceremony alone may have made if each one of those 70,000 to 100,000 gave even just one cent? That once sleepy town is now fully awake and those Carmelite nuns have probably been laughing their way to the bank week in and week out.

Mapapa tiim bagang si Monsignor.

FADE OUT

V. Pinagpala Naman Ang Iyong Anak na si Jesus

FADE IN

SEQ 64. INT. OPISINA NI MONSIGNOR VAGNOZZI. NUNCIO NG MAYNILA. UMAGA.

Nag-uusap sina Monsignor Vagnozzi at Bishop Santos.

MONSIGNOR VAGNOZZI

And who is receiving the donations?

BISHOP SANTOS

Bishop Verzosa and Mother Cecilia, I suppose.

MONSIGNOR VAGNOZZI

And I suppose everything is accounted for properly, with receipts and records?

BISHOP SANTOS

I suppose so, too.

MONSIGNOR VAGNOZZI

You have not checked?

Hindi inasahan ni Bishop ang tanong.

BISHOP SANTOS

I don't have that authority, Monsignor. Our dioceses are independent from each other. Only the Vatican can look into their records.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Giusto. That's right.

SEQ 65. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

Pebrero 1949

Kausap ni Mother Cecilia ang isang NANAY (20s), kasama si MELANIA (8).

MOTHER CECILIA

Salamat po sa pagbisita.

NANAY

Kami po ang dapat magpasalamat sa inyo, kay Sister Teresita, at syempre sa Mediadora para sa napakalaking biyayang ipinagkaloob niya sa anak amin.

MOTHER CECILIA

Melania, tama?

NANAY

Opo.

MOTHER CECILIA

(Nakatingin kay melania) Napaka gandang bata.

NANAY

(Sa Batang Babae) O, anong isasagot mo kay Mother?

MELANIA

Salamat po, Mother. (A beat) Siya po ba si Mama Mary (nakaturo sa istatwa sa gitna ng hardin)?

MOTHER CECILIA

Siya nga. Ang Mediadora.

MELANIA

Napakaganda niya pala!

Maiiyak si Nanay.

NANAY

Akala namin buong buhay na siyang hindi makakalakad ng maayos.

SEQ 66. INT. KWARTO. BAHAY NI NANAY. UMAGA.

Closeup sa kanang paa ni Melania, 2 anyos. Baliko paloob. Club foot. Nakahiga sa kama. Kakargahin siya ni Nanay palabas.

NANAY (V.O.) (CON'T)

Ipinanganak siyang baliko ang kanang paa. Hindi makalakad. Kinailangan siyang buhatin noong mallit pa siya kahit sa loob ng bahay.

SEQ 67. INT. SALA. BAHAY NG NANAY. UMAGA.

Nakaupo si Melania, 4, sa sofa, nakadungaw sa bintana, pinapanood ang mga batang naglalaro sa kalye.

MOTHER CECILIA (V.O.)

Ipinatingin nyo po ba siya sa doktor?

NANAY (V.O.)

Marami pong doktor ang tumingin sa kanya, Mother. Lahat sila iisa ang sinabi: kailangan ng operasyon.

SEQ 68. EXT. SIMBAHAN. UMAGA.

Naglalakad sa kalye si Nanay at ang ASAWA (30s), karga si Melania, 6.

BABAE (V.O.) (CON'T)

Wala naman kaming pera para doon. Atsaka sabi ng mga doktor, wala din katiyakan na maaayos ang paa niya.

SEQ 69. INT. SIMBAHAN. UMAGA.

Tapos na ang misa. Naglalabasan ang mga tao. Nakaupo si Melania, 8, nagdadasal sina Nanay at ASAWA. Lalapit sa kanila ang pari. Mag-uusap. May ibibigay siya na Holy Water at nobenaryo.

NANAY (V.O.) (CON'T)

Noong nakaraang buwan, binigyan kami ng pinsan kong pari ng Holy Water na galing dito sa inyong kumbento. Nagpunta siya dito kasama ng ilan pang pari at madre. Ang sabi sa kanila, iniwan daw ang

mga bote ng tubig magdamag sa paanan ng imahen na ito.

MOTHER CECILIA (V.O.)

Ganoon nga po ang ginagawa namin.

NANAY (V.O.)

Nakakuha din ang pinsan ko ng kopya ng nobena sa Mediadora. Binigay din niya iyon sa amin.

SEQ 70. INT. SALA. BAHAY NI NANAY. GABI.

Nagdadasal si Nanay at Asawa sa altar. Nakaupo sa sofa si Melania. Pagtapos magdasal, papahiran ni Nanay ang paa ni Melania.

NANAY (V.O.)

Nag nobena po agad ako. Tapos pinapahiran ko ng tubig ang paa niya. Matapos ang siyam na araw na nobena, pagkagising niya, tuwid na ang paa niya. Nakakalakad na siya.

SEQ 71. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Nanay at Mother Cecilia.

MELANIA

(Sa Mediadora) Salamat, Mama Mary!

NANAY

Maari po bang makausap si Sister Teresita?

MOTHER CECILIA

Alam ko pong napakalayo pa ng pinanggalingan ninyo pero bawal po sa aming kongregasyon ang makita at makausap ng mga taga labas ang mga madre, liban na lamang sa akin at mga Out Sisters. Pasensya na po.

NANAY

Ganun po ba? Naintindihan ko po. Pakiabot na lamang ang aming pasasalamat sa kanya.

MELANIA

Mother, pwede po pakibigay ito kay sister?

Ilalabas ni Melania mula sa kanyang bulsa ang isang maliit na papel, nakatiklop. Ibibgay kay Mother Cecilia.

SEQ 72. INT. PASILYO. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER..

Naglalakad si Teresita, binabasa ang papel.

Thank you sister. Dahil sa iyo gumaling ako. Nakakalakad na ako. I love you. I love Mama Mary.

Melania
8 years old

Maririnig ang boses ni Fr de Blas: *Can any inquiry into the supernatural ever be conclusive in establishing facts and truth?*

SEQ 73. INT. CLASSROOM. UST. UMAGA.

Nobyembre 1950
UST, Maynila

Pinamumunuan ni Fr de Blas ang isang klase sa kolehiyo.

FR. DE BLAS

Can science ever divine the Divine? Miracles, in particular.

Magtataas ng kamay ang ESTUDYANTE 1. Tatango si Fr de Blas.

ESTUDYANTE 1

I think science cannot prove or disprove miracles. They're incongruous – science is about natural laws, while miracles are supernatural.

FR DE BLAS

Excellent answer. How, then, does the Church determine which miracles are real and which ones are false? Because for every Lourdes or Fatima Marian apparition and healings and cures they have resulted to, there's any number of reported supernatural events the Vatican has rejected.

Sasagot agad si ESTUDYANTE 2.

ESTUDYANTE 2

Good question, Father, pero dapat ata Vatican ang sumagot.

Matatawa ang lahat pati si Fr de Blas.

FR DE BLAS

Good point. Sige, itanong ko kay Pope mismo the next time pumunta ako sa Vatican.

Tawanan.

FE DE BLAS

If miracles are truly supernatural, they are beyond scientific explanation. However, if divine action leaves tangible effects in the natural world, science might provide indirect evidence. Ultimately, though, theology sees miracles as affirmations of faith rather than proofs for skeptics. They offer spiritual insight rather than empirical certainty.

SEQ 74 INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Teresita at Fr de Blas sa ikalawang araw.

FR DE BLAS

How did you feel when Lipa started getting popular? When you see hundreds, even thousands of people there?

TERESITA

Masaya. Masayang masaya, Father.

FR DE BLAS

Because it means you've become famous?

TERESITA

Of course not. Because it means people are listening to the Mediadora and their faith is getting deeper, stronger

FR DE BLAS

Faith? How sure are you it is faith and not just fascination for the spectacle?

Hindi sigurado si Teresita sa gustong sabihin ni Fr de Blas.

FR DE BLAS

People are easily deceived by appearances. Lalo na pag may palabas. Lalo na pag ang palabas ay nakakamangha. You don't get any more spectacular than flowers falling from the sky, some with images of saints at that.

Hindi sasagot si Teresita.

FR DE BLAS

It must feel real good when people thank you alongside the Lady for these alleged miracles...the baby healed of his hole in the skull, the kid with clubfoot finally being able to walk, etcetera.

Wala pa ring imik si Teresita.

FR DE BLAS

How does it feel to be the Chosen One?

Sandali.

TERESITA

I am only a handmaid of the Mediadora, a vessel for her messages. All glory belongs to Her, to God the Father, and to Jesus.

SEQ 75. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

Kausap ng Mediadora si Teresita. Nakatapak sa ulap, nagniningning.

17 Oktubre 1948

MEDIADORA

Pray hard, for China's dream is to invade the whole world. The Philippines is one of its favorites. Money is the evil force that will lead the whole world to destruction. Prayers, sacrifices, self-denials and the daily recitation of the rosary will soften the heart of my Son, as I said before.

12 Nobyembre 1948

MEDIADORA

Pray, my child. The people do not heed my words. I am really sad, but consoled by those who believe and trust in me. Do a lot of penance for priests and nuns. Be not afraid, for the love of my Son will soften the hardest of hearts and my motherly love will be their strength to crush the enemies of God. What I ask here is the same as in Fatima. I am blessing this community with a special blessing today. All these can be revealed now. I repeat to you that I am Mary, the Mediatrix of all Grace. This is my last apparition here.

Maglalahong parang bula ang Mediadora.

SEQ 76. INT. UST CHURCH. UMAGA.

Enero 1951

Mga eksena sa misa ni Monsignor Vagnozzi kasama si Fr de Blas. Puno ang simbahan.

Homiliya.

MONSIGNOR VAGNOZZI

On this Epiphany Sunday, as we honor the moment in time when the Child Jesus was made manifest to the world, we need to look into our own hearts. There, we discover Christ's ongoing manifestation to us so that we can worship Him Who has also chosen to be born within our hearts. We must diligently seek out that manifestation of God within us and respond to it in the same ways that the Three Kings, the Magi responded. When this happens, you must respond with faith and worship, giving God the greatest glory by giving Him your very life and offering Him your spiritual gifts of gold, frankincense, and myrrh. But we must also be wary and always on guard, for today there are many in the world who claim to have visions of manifestations of Christ or the Blessed Mother. Some of these supernatural phenomena are authentic works of the divine and are truly worthy of belief, while many are man-made fabrications that are the handiwork of the devil. Let us not be easily deceived by appearances and false claims. In these cases we should all look to the Holy Father in the Vatican for the truth and enlightenment.

SEQ 77. INT. DINING ROOM. UST. UMAGA. LATER.

Nag-uusap sina Monsignor Vagnozzi at Fr de Blas habang nanananghalian.

MONSIGNOR VAGNOZZI

I noticed, in the mass, you speak the local language well. How come? You were born and raised in Spain, right?

FR DE BLAS

I've been here for almost twenty years, Monsignor. I decided to stay here very early on, so I took it upon myself to learn Filipino.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Impressionante!

FR DE BLAS

Grazie.

MONSIGNOR VAGNOZZI

I think Bishop Santos was right in recommending you.

FR DE BLAS

He recommended me? For what exactly?

MONSIGNOR VAGNOZZI

You know about Lipa, right?

FR DE BLAS

Of course. I don't think there's anyone in the country who doesn't know about it.

MONSIGNOR VAGNOZZI

We would like you to lead an investigation into it.

Gulat si Fr de Blas.

FR DE BLAS

Oh!

MONSIGNOR VAGNOZZI

Things are already getting a bit out of hand. The Mediadora has already reached New York and Spain. If this goes on, it may just be a matter of the before she makes it to Rome.

FR DE BLAS

But I'm not an expert on the supernatural. I don't think I can be of help in finding out the truth about the apparitions and – (Papatlangin ni Vagnozzi)

MONSIGNOR VAGNOZZI

Non e quello. I would like you to examine the postulant.

FR DE BLAS

Examine?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Esaminare la loro personalita. Eesaminare le loro menti. Esaminare la loro psicologia. Esaminare tutto. (Examine her personality. Examine her mind. Examine her psychology. Examine everything.)

FR DE BLAS

I see. (A beat) But wouldn't a Filipino do a better job?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Ascoltare, padre. I've been told you are the best in the field of psychology here in this country. That makes you both a man of science and of the faith. That alone makes you perfect.

Makikinig lang si Fr de Blas.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Plus there's something else.

Tingin na patanong si Fr de Blas kay Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

You and I, *siamo uguali.* We are the same.

FR DE BLAS

The same?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Abbiamo lo stesso sangue. We have the same blood. I'm Italian, you're Spanish. We are not like them.

FR DE BLAS

But I've been here long enough and deep enough I already consider myself as being like them somehow.

MONSIGNOR VAGNOZZI

You will never be, Father. You will always be who you are by blood.

Hindi sasagot si Fr de Blas.

MONSIGNOR VAGNOZZI

If I may be totally honest with you, Father...these Filipinos...they seem, to me, to be like children. *Molto impressionabile, molto credulone, molto immaturo.* They are easily entertained by spectacle. *Spettacolo.* The bigger the spectacles, the more convinced they are, the more persuaded. They hardly use this (ituturo ang kanyang daliri sa ulo), more this (ituturo ang mga mata) and this (ituturo ang puso). They easily believe what they see without thinking. *Dobbiamo farlo per loro.* We have to tell them to be critical. To see beyond what their eyes can see. We need to get them to pause and ask, who is this person claiming to have seen and talk to the Blessed Mother? Why should I believe her? Is she credible? Is she telling the truth? Is she in the right frame of mind? You, padre, being a man of both science and faith, is the perfect one to dive deep into these questions. You may even be the only one. *Sei l'unico.* Do you understand? *Capisci?*

Hindi sasagot si Fr de Blas.

MONSIGNOR VAGNOZZI

There is one more thing about them. They seem to be convinced of their important role in the world.

Hindi naiintindihan ni Fr de Blas.

FR DE BLAS

Now I'm totally lost, Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Guardare. The Spaniards have come here, right? The Americans have come. The Japanese have come. Even the British have come. They must feel so proud of themselves for being so important that all these world powers have come here. So, it's not surprising for someone like that young girl Teresita who comes from a rich family to have such a delusion of grandeur to believe she can be chosen by the Holy Mother of God to bring her messages for all mankind.

Mapapa tiim bagang si Fr de Blas. Sandaling katahimikan.

MONSIGNOR VAGNOZZI

I know this may be too much for you to take in. You don't have to give me your answer right now if you feel like you need more time to think about it.

FR DE BLAS

Thank you, Monsignor. That's very considerate of you.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Let me just say that should you decide to do this, I'm certain the Holy Father will be very grateful for your role in the search for the truth about Lipa. *La verita. La verita.*

FADE OUT

VI. Santa Maria, Ina ng Diyos

FADE IN

SEQ 78. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

8 Setyembre 1948

Nagrorosaryo si Teresita habang naglalakad sa hardin. Titigil siya at mananatiling nakatigil ng matagal.

FADE TO BLACK

SEQ 79. EXT. DAANAN. UMAGA.

Naglalakad si Teresita kasama ang isang Pari sa isang daan. Tadtad ito ng malalaking tinik. Madilim ang paligid, makapal ang mga ulap, may kulog at kidlat. Nagmamadali sina Teresita at Pari para hindi abutan ng nagbabadyang delubyo, pero nag-iingat sa kanilang paglalakad para makaiwas sa mga tink. Mawawala ang balanse ng pari at makakatapak ng isang malaking tink. Mapapasigaw sa sakit. Susubukan ni Teresita na bunutin ang tink pero hindi siya magtatagumpay. Matataranta siya.

Maririnig ang tinig ni Mediadora.

MEDIADORA (O.S.)

Don't be afraid.

Titignan ni Teresita ang pinagmulan ng tinig. Makikita niya ang Mediadora, nakalutang sa ulap sa dulo ng daan. Biglang magliliwanag ang paligid. Magiging rosas ang mga tinik. May ibong asul na lalapit kay Teresita. Kukunin nito ang rosas mula sa paa ng pari at dadalhin sa Mediadora.

Maririnig ang tinig ni Mother Cecilia, *Teresita. Teresita.*

FADE TO WHITE

SEQ 80. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

Balik sa eksena sa hardin. Ngayon, nakatayo sa tabi ni Teresita si Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Teresita.

Aalugin niya si Teresita. Manunumbalik sa ulirat si Teresita.

MOTHER CECILIA

Ano ba ang nangyayari sa 'yo?

TERESITA

Ha?

MOTHER CECILIA

Hindi mo ba ako naririnig. Kanina ka pa nakatigil dito.
Para kang istatwa. Nakadilat ka pero hindi ka humihinga.

liling si Teresita.

SEQ 81. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Balik sa pag-uusap nina Teresita at Fr de Blas.

FR DE BLAS

Did you feel like fainting before your encounters, both
with the devil and the Lady?

TERESITA

No, Father.

FR DE BLAS

How about during the encounters themselves?

liling si Teresita.

FR DE BLAS

No unusual sensations of any kind, even after the
encounters?

TERESITA

None. I would simply see them or hear their voices.

FR DE BLAS

And during the trances where you find yourself in the middle of unusual, if not fantastic, scenes?

TERESITA

Sabi nila ang tigas daw ng katawan ko. Parang istatwa. Pero hindi ko naman naramdaman na ganoon.

SEQ 82. INT. OPISINA NI MONSIGNOR VAGNOZZI. GABI.

Nobyembre 1949

Nag-uusap sina Monsignor Vagnozzi at Bishop Santos.

BISHOP SANTOS

The Mother Prioress has declined our invitation for her to come here. What she wants is for you to go to Lipa so you can see for yourself what's going on there.

MONSIGNOR VAGNOZZI

That's out of the question. People will see it as the stamp of approval from the Vatican for everything they are claiming, all these alleged apparitions and miracles.

Tatango si Bishop Santos.

MONSIGNOR VAGNOZZI

I can see now why you describe the Prioress as headstrong. (A beat) I would even say she might be crafty, if not devious.

Magugulat si Bishop Santos. May kabigatan ang sinabi ni Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Molto orgoglioso, she and the Bishop. Very proud. (A beat) Let's see if they can still refuse what they are about to get.

Magtataka si Bishop Santos.

SEQ 83. EXT. CONVENT GROUNDS. LIPA CONVENT. UMAGA.

Puspusan ang konstruksyon ng simbahan. Abala si Mother Cecilia sa pag-inspeksyon.

Maririnig ang boses ni Bishop Verzosa, *Mother Cecilia*.

Lilingunin siya ni Mother. May hawak siyang papel.

MOTHER CECILIA

O, Bishop, napatay kayo? Hindi ba bukas pa kayo
naka schedule na mag misa dito?

BISHOP VERZOSA

I had to come right away to show this to you.

Iaabot ni Bishop ang papel. Babsahin ito ni Mother.

BISHOP VERZOSA

Gusto makita ng Batikano ang mga record books ng
kaperahan sa pagpapatayo ng simbahan.

Beat.

BISHOP VERZOSA

Mayroon kayo nun, hindi ba, Mother? Nakalista lahat
ng binibigay ko sa inyo na mga natatanggap kong
donasyon at offerings sa mga misa?

liling si Mother.

BISHOP VERZOSA

Hindi? Eh mga gastusin, ang mga bayarin? May
mga resibo naman?

MOTHER CECILIA

Wala rin, Bishop. (A beat) Pero alam mo namang
napupunta lahat dito.

BISHOP VERZOSA

Alam ko, pero hindi naman ang nalalaman ko ang
hinahanap ng Baticano.

Sandali. Mag iisip si Mother.

MOTHER CECILIA

Kung kausapin natin si Monsignor Vagnozzi?
Magpaliwanag tayo at hilingin natin na siya na ang sumagot sa Roma.

BISHOP VERZOSA

After you declined his invitation to meet with him at the Nuncio?

MOTHER CECILIA

I did not decline. I invited him to come here instead, para makita niya for himself what is happening here. (A beat) Nandito ang Mediadora. Dito siya nagpakita at naghimala. Nandito ang mga deboto. Dito lalong lumalalim ang kanilang pananampalataya. Siya ang may kailangan, siya ang dapat magpunta.

BISHOP VERZOSA

Tayo na ngayon ang may kailangan.

SEQ 84. INT. LOBBY. NUNCIO SA MAYNILA. UMAGA.

Papasok sa lobby sina Mother Cecilia at Bishop Verzosa. Sasalubong si Bishop Santos.

SEQ 85. INT. OPISINA NI MONSIGNOR VAGNOZZI. NUNCIO SA MAYNILA. UMAGA. LATER.

Nagbabasa ng dyaryo si Monsignor Vagnozzi. May kakatok sa pinto.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Entra, e aperto. (Come in, it's open.)

Magbubukas ang pinto. Papasok si Bishop Santos kasama sina Bishop Verzosa at Mother Cecilia. Ibaba ni Monsignor Vagnozzi ang dyaryo.

BISHOP SANTOS

(Kay Monsignor) Monsignor, this is Bishop Verzosa.

BISHOP VERZOSA

We have met each other, Monsignor. I was at the welcome dinner for you hosted by Bishop Santos and the Diocese of Manila. But I'm sure you don't remember.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Perdonami. That was a big party and I think all priests in the Philippines were there. Plus I may have been a bit jet lagged.

BISHOP VERZOSA
No need to apologize.

BISHOP SANTOS
(Kay Monsignor) And this is Mother Cecilia.

Magmamano si Mother Cecilia.

MONSIGNOR VAGNOZZI
Finalmente ci incontriamo. Finally we meet. I was beginning to think this day will never come.

MOTHER CECILIA
Perdonami, Monsignor. It has been very busy in Lipa.

MONSIGNOR VAGNOZZI
So I hear. (A beat) Are you complete? *Prendere posto.* Have a seat. (Kay Bishop Santos) Father, I believe I requested somebody else to be in this meeting.

Mauupo ang lahat.

BISHOP SANTOS
I did relay to them your request.

MOTHER CECILIA
(Kay Monsignor Verzosa) We Carmelites have very strict rules about non-Out Sisters going out of the convent. It is not permitted. We don't even allow them to go to meet their families.

MONSIGNOR VAGNOZZI
Not even the Papal Delegate?

liling si Mother Cecilia.

MONSIGNOR VAGNOZZI
Capisco.

BISHOP SANTOS

(Kay Bishop Verzosa at Mother Cecilia) Did you take the plane?

MOTHER CECILIA

We took the bus. We can't afford the plane fare.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Even with all the money the people are giving to you?

MOTHER CECILIA

Yes, Monsignor. Ah...this is exactly why we requested this meeting. We received a letter from the Vatican – (papatlangin ni Monsignor Vagnozzi)

MONSIGNOR VAGNOZZI

Lo so. I know.

MOTHER CECILIA

We assure everyone that every single centavo we receive goes straight to the construction of the new church building for the Mediadora.

BISHOP VERZOSA

In fact, because of the generosity of the donors, we are ahead of schedule.

MOTHER CECILIA

The church is turning out even more beautiful than we imagined. You should go to Lipa when it's completed. Maybe you can even lead the blessing!

BISHOP VERZOSA

Vediamo. Let's see.

MOTHER CECILIA

If I may be so bold, Monsignor, may we humbly ask to send good word to Rome about the matter to allay any concerns they may have.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Ci pensero. I'll think about it.

MOTHER CECILIA

Thank you, Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

That's not a yes, but it's also not a no.

MOTHER CECILIA

I understand.

Sandaling katahimikan. Nagpapakiramdaman.

MONSIGNOR VERZOSA

There is something I would like an answer for.

BISHOP VERZOSA

What is it, Monsignor?

MONSIGNOR VAGNOZZI

The title of the lady that the postulant claims to have seen.

BISHOP VERZOSA

What about it?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Mediatix of all Grace. Is that correct?

BISHOP VERZOSA

That's what Teresita said.

MOTHER CECILIA

That's how the Blessed Mother introduced herself to

her.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Is the postulant sure?

MOTHER CECILIA

Yes, Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Maybe she misheard.

MOTHER CECILIA

Misheard the Holy Mother?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Si.

MOTHER CECILIA

I'm not sure I understand.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Maybe she heard Mother of all Graces. With an s. Not Mother of all Grace. No s.

MOTHER CECILIA

Does it matter if it's singular or plural?

MONSIGNOR VAGNOZZI

It does. It does matter very much indeed. (A beat) The Blessed Mother could not have called herself Mother of all Grace because that would be putting herself on the same level as God, who is the singular divine origin of all grace. The plural Graces highlights the diversity and abundance of gifts and blessings that flow through Mary's intercession. The title Mother of all Graces makes it very clear that Mary's role is subordinate to Christ, the sole mediator between God and humanity. The Blessed Mother could not have made this big, big mistake. That is not the teaching of the Church. *E impossibile!* It's impossible!

MOTHER CECILIA

That's what Teresita said and she was very clear about it. The Blessed Mother introduced herself as the Mediatrix of all Grace. In fact, according to Teresita, she gave that title not just once but twice.

MONSIGNOR VERZOSA

Then that is not the Holy Mother who spoke to that girl!

Mapapatayo si Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Mas marunong ka pa sa Banal na Ina? Hindi ba tao lang ang may gawa ng katesismo ng Simbahan? Tapos gusto mo langit ang sumunod sa mga sinulat dito sa lupa? Hindi ba pwedeng tayo ang kulang sa kaalaman at pang-unawa tungkol sa Ama, kay Kristo, kay Maria? Hindi ba pwedeng ikaw ang nagkakamali? Diyos ka ba?

MONSIGNOR VAGNOZZI
Insolente! Diavolo! Diavolo!

Lalayanan ni Mother Cecilia ang tatlong pari.

FADE OUT

VII. Ipananlangin Mo Kaming Lahat

FADE IN

SEQ 86. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. UMAGA.

12 Setyembre 1948

Kausap ng Mediadora si Teresita mula sa ulap.

MEDIADORA
Fear not, my child. Kiss the ground and whatever I tell
you to do, you must do. (A beat) Eat some grass.

Dadakot ng damo sa lupa si Teresita. Kakainin.

Maririnig ang tinig ni Bishop Verzosa mula sa susunod na eksena, *This letter really
came from the Holy Father?*

SEQ 87. INT. OPISINA NI BISHOP VERZOSA. LIPA. UMAGA.

23 Enero 1950

Tangan ni Bishop Verzosa ang isang liham. Kausap niya si Bishop Santos.

BISHOP SANTOS
From Rome, sent to Monsignor Vagnozzi's office. (A
beat) Out of respect to you, I thought I'd hand it to
you personally. That's the least I could do for
someone who has served the Church here in Lipa
very well for 33 years. You deserve that courtesy at
the very least.

BISHOP VERZOSA
Kung ito ay totoong galing sa Santo Papa, wala na
akong pwedeng gawin. I have to obey his order.

BISHOP SANTOS
Don't worry, Bishop. I promise to do the best I can as
the new administrator of this diocese.

BISHOP VERZOSA
But if this is not from the Holy Father, we will see!

SEQ 88. EXT. GATE. LIPA CONVENT. UMAGA.

27 Pebrero 1950

Kakatok sa gate si Bishop Santos. May kasama siyang dalawang madre. May tangan siyang isang liham.

Pagbubuksan sila ng pinto ni Sister Stephanie.

SISTER STEPHANIE
Bishop.

BISHOP SANTOS
Tawagin ang lahat at papuntahin sa kapilya.

SEQ 89. INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. UMAGA. LATER.

Naroon ang buong kongregasyon kabilang sina Mother Cecilia at Teresita. Nakatayo sa may altar si Bishop Santos pati ang dalawang madre na kasama niya.

BISHOP SANTOS
Hawak ko ang isang liham mula sa Batikano na naglalaman ng kautusan mula sa Santo Papa. From now on, you will have a new Prioress, Mother Mary of Christ (*ituturo ang isang madre sa kanyang tabi*), and novice mistress, Sr. Magdalene. (Kay Mother Cecilia) And you, Mother Cecilia (*nakatingin kay Mother Cecilia*), I'm giving you half an hour to pack your things and no more, no more than that.

Magigitla ang lahat, lalo na si Teresita.

FADE TO WHITE

SEQ 90. EXT. KALYE SA HARAP NG SIMBAHAN. GABI.

Linggo ng Pagkabuhay ni Hesus. Magsasalubong ang dalawang prusisyon sa ilalim ng malaking arko sa harap ng simbahan. Maghaharap ang mga imahen nina Hesus at ng

Inang Maria lulan ng magkahiwalay na karosa. Mula sa gitna ng arko ay ibababa ang isang duyan kung saan nakasakay ang batang Teresita, 4 taong gulang, nakasuot ng puting baro at may mga pakpak. Siya ang anghel na magtatanggal ng itim na belo na suot ni Inang Maria. Hudyat ito na tapos na ang pagluluksa dahil nabuhay na muli si Hesus. Magpapalakpakan ang mga tao.

SEQ 91. INT. SCHOOL AUDITORIUM. GABI.

Pagtatanghal ng mga estudyante ng kwento ng kapanganakan ni Hesus. Ang 14-anyos na Teresita ang gumaganap bilang Maria.

SEQ 92. INT. SALA. BAHAY NI TERESITA. UMAGA.

Tumutugtog ng piano si Teresita, 19 anyos.

FADE TO WHITE

SEQ 93. INT. KWARTO NI TERESITA. LIPA CONVENT. GABI.

Nakahiga sa kama si Teresita, may sakit. Pinupunasan siya ni Sister Stephanie.

TERESITA

Mag-iisang taon ng wala si Mother Cecilia. Nasaan na kaya siya? Kumusta na siya?

SISTER STEPHANIE

Wala akong balita.

TERESITA

Bakit ba siya inilayo sa atin, Sister?

SISTER STEPHANIE

Hindi ko rin alam, Teresita.

TERESITA

She was a very good Mother to all of us. Kung hindi dahil sa kanya, baka hindi ko nakayanan ang mga pagsubok na dumating sa akin nang pumasok ako dito, lalo na noong panahon na inatake ako ng diablo.

Alam ni Sister Stephanie. Nakita niya ang eksena sa may hagdan.

TERESITA

Si Mother Cecilia lang ang tumulong sa akin. Natigil lang ang pag atake sa akin ng demonyo nang magsimulang magpakita sa akin ang Mediadora.

Maiiyak si Teresita.

SISTER STEPHANIE

Tahan na, Teresita. Tahan na. Baka lalong lumala ang sakit mo.

SEQ 95. EXT. UST HOSPITAL. MAYNILA. UMAGA.

24 Marso 1951

Darating ang isang ambulansya sa Emergency ng ospital.

SEQ 96. INT. IBAT-IBANG LUGAR. UST HOSPITAL. MAYNILA. UMAGA.

Montage: check-up at panggagamot kay Teresita. Kasama niya si Sister Stephanie.

SEQ 97. EXT. HARDIN. UST HOSPITAL. UMAGA.

26 Marso 1951

Nag uusap sina Teresita at Sister Stephanie.

TERESITA

Nasabi na ba sa iyo ni Bishop Santos kung sino ang kailangan pang kumausap sa akin at bakit?

SISTER STEPHANIE

Ang sabi lang niya isa pang doktor.

TERESITA

Ilang doktor ba ang kailangan tumingin sa akin? Nakaka tatlo na, 'di ba?

SISTER STEPHANIE

Pang huli na daw ang kakausap sa iyo bukas.

TERESITA

Ano pa ba ang gusto nilang tignan sa akin? Ano pa bang exam ang gagawin nila? Ano pa ba ang gusto nilang malaman? Mabuti na ang pakiramdam ko. Magaling na ako.

SEQ 98. INT. SIMBAHAN. UST. UMAGA.

27 Marso 1951

Nagdadasal si Fr de Blas. Siya lang ang nasa simbahan.

Maririnig ang mga tinig mula sa susunod na eksena.

FR DE BLAS VO
Hi, sisters. I'm Father de Blas, Rector ng UST.

SISTER STEPHANIE VO
Hi, po, Father.

TERESITA VO
Good morning, Father.

FR DE BLAS VO
Sino sa inyo si Teresita?

TERESITA VO
Ako po, Father.

FR DE BLAS VO
Then you must be Sister STEPHANIE.

SISTER STEPHANIE VO
Opo, Father.

FR DE BLAS VO
Thank you for coming here with Teresita but I would have to ask you to leave the two of us alone.

SEQ 99. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA.

Hindi inasahan ni Sister Stephanie ang hiling ni Fr de Blas.

SISTER STEPHANIE
Hindi po ako pwede makinig?

FR DE BLAS
Confidential interview.

SISTER STEPHANIE
Ay, interview po pala ito? Akala namin eksamen uli.

TERESITA
(Kay Sister STEPHANIE) Okay lang, sister. Thank you.

SISTER STEPHANIE

Okay.

Lalabas ng kwarto si Sister Stephanie.

FR DE BLAS

Please have a seat.

Mauupo si Teresita.

TERESITA

Akala po namin isa na namang doktor ang kakausap sa akin.

FR DE BLAS

Well, may PhD ako, kaya may Doctor sa titulo ng pangalan ko.

TERESITA

Kung hindi po kayo totoong doktor, ano po ang pag-uusapan natin, Father?

FR DE BLAS

Didn't Bishop Santos inform you?

liling si Teresita.

FR DE BLAS

I see. (A beat) Well, I was asked to talk to you as part of an inquiry into the events of Lipa.

TERESITA

Inquiry? Like an investigation?

FR DE BLAS

This will be more of a getting-to-know-you, Teresita.

TERESITA

Me? Why? What for?

FR DE BLAS

You're the first Filipino to claim to have visions of the Blessed Mother and I've been told the Church does not really know a lot about you.

Hindi agad sasagot si Teresita.

Maya maya...

TERESITA

Where do you want to start, Father?

Magsisimula ang interview. Makikita natin ang kanilang pag-uusap pero hindi maririnig. Sa halip...

FR DE BLAS (VO)

I tried, without her becoming aware, to bring out the possibility of a diabolic intervention in the apparitions of the Blessed Mother that she has received. But her replies, examined according to the rules set by the authors on spiritual life for these cases, consistently demonstrate that the devil has not taken part in them, only on the few occasions she claims it molested her in her early days in the convent.

SEQ. 100. INT. OPISINA NI MONSIGNOR VAGNOZZI. NUNCIO NG MAYNILA. UMAGA.

29 Marso 1951

Nag uusap sina Monsignor Vagnozzi at Fr de Blas.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Dovresti impegnarti di più!

FR DE BLAS

Try harder?

MONSIGNOR VAGNOZZI

Yes. You must squeeze the truth out of her.

FR DE BLAS

But I don't think she is lying. Nor does she show a hysterical personality of any known type. All manifestations prove she has a normal personality.

Hindi sasagot si Monsignor Vagnozzi. Hindi ito ang gusto niyang marinig.

FR DE BLAS

Not only do I see no rational explanation why anyone like her – an intelligent young lass from a well-to-do family enjoying an elevated place in society – would agree to be part of such an elaborate scheme of fraud as you, if I may speak plainly with all due respect, think she and the Prioress are guilty of. I actually believe Teresita has truly received supernatural favors from heaven and is indeed a real visionary.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Sta mentendo! She and Cecilia are liars. Talk to her again tomorrow. I already have the Prioress' confession. You get that little devil's signature!

Tigalgal si Fr de Blas.

SEQ. 101. INT. CONFERENCE ROOM. UST. UMAGA. LATER.

30 Marso 1951

Nasa kwarto sina Teresita at Fr de Blas, nakaupo na magkaharap sa isa't isa. May papel, ballpen, at ashtray sa harap ni Fr de Blas. Nakatitig lang siya kay Teresita. Matalim ang kanyang tingin. Walang kibo si Teresita, hinihintay magsalita ang pari. 'Di tulad ng unang dalawang araw ng kanilang pag-uusap, may kabigatan sa pakiramdam sa pagitan nila ngayon.

Matapos ang ilang sandali...

FR DE BLAS

You have sworn to a life of obedience, right, Teresita?

TERESITA

Yes, Father.

FR DE BLAS

Sign this.

Ihahagis ni Fr de Blas ang papel at ballpen kay Teresita.

Babasahin ni Teresita ang papel. Magugulat siya sa nilalaman. Manginginig ang mga kamay niya at titigas ang mukha.

TERESITA

I cannot sign this, Father. These are all lies.

FR DE BLAS

Are they, really? Isn't it true that the reason you joined the congregation was to help your father build up his public image because of his plans of running again for office? Isn't it true that you had romantic and sexual relations with the Mother Prioress? And isn't it true that you two fabricated this hoax of the apparitions of the Blessed Mother because both of you wanted to be famous and to make money off of it for the convent?

TERESITA

No, Father! No! I can never do that. I can never make use of the Blessed Mother to make myself loved and popular!

liyak si Teresita.

FR DE BLAS

Sign it, Teresita! Just sign the damn thing!

TERESITA

I cannot sign it. I can never sign it. Those are lies. Those are your lies. They are not my truth.

Aabutin ni Fr de Blas ang ashtray na nasa mesa. Ihahagis ito sa pader sa likod ni Teresita.

SEQ. 102. INT. KAPILYA. UST HOSPITAL. GABI.

Nagdadasal si Teresita, umiiyak.

FADE OUT

VIII. Ngayon at Kung Kami'y Mamamatay

FADE IN

SEQ. 103. INT. KWARTO NI TERESITA. UST HOSPITAL. UMAGA.

31 Marso 1951

Magigising si Teresita. Matutuwa si Sister Stephanie.

SISTER STEPHANIE
Buti naman nagising ka na. Kanina pa kita hinihintay.

TERESITA
Bakit, sister?

SISTER STEPHANIE
Dumaan dito kanina si Bishop Santos, may good news! Nandito si Mother Cecilia.

TERESITA
Sa UST?

SISTER STEPHANIE
Oo. Magsabi lang daw tayo kay Bishop kung gusto natin siyang puntahan bago tayo umuwi..

SEQ. 104. INT. KWARTO NI MOTHER CECILIA. UST HOSPITAL. UMAGA. LATER.

Papasok sa kwarto si Bishop Santos kasama sina Teresita at Sister Stephanie.
Nakaupo si Mother Cecilia sa kama, nakaharap sa pader.

BISHOP SANTOS
Mother Cecilia, may bisita ka.

Hindi iimik si Mother.

BISHOP SANTOS
(Kay Teresita at Sister STEPHANIE) Iwanan ko muna kayo. Balikna lang ako matapos ang trenta minutos para sa biyahe natin pauwi ng Lipa.

SISTER STEPHANIE
Thank you, Bishop.

Lalabas ng kwarto si Bishop. Lalapit sina Teresita at Sister Stephanie kay Mother Cecilia.

Lumuluha si Mother. Yayakap sina Teresita at Sister Stephanie.

SISTER STEPHANIE
Akala namin hindi ka na namin makikita uli.

Hindi pa rin iimik si Mother.

TERESITA

Hindi mo alam kung gaano kami nalungkot nang mawala ka sa Lipa.

Wala pa ring imik ang matanda. Mapapansin na ito nina Teresita at Stephanie.

SISTER STEPHANIE

Hindi ka ba masaya na nakita mo kami?

Hindi pa rin sasagot si Mother pero patuloy ang kanyang pagluha.

SISTER STEPHANIE

Aalis na lang kami, Mother. Gusto mo lang ata mapag-isa.

TERESITA

'Wag mo kalimutan, Mother: mahal na mahal ka namin. Lagi ka naming pinagdadasal.

SISTER STEPHANIE

Sana lang sa susunod na pagkikita natin, mas mabuti na ang pakiramdam mo.

Patuloy lang ang pag-iyak ni Mother. Yayakapin siyang uli nina Teresita at Stephanie. Hahalikan nila sa noo. Tutungo sila sa pinto.

MOTHER CECILIA

Mahal na mahal ko rin kayo. Patawad. Patawad sa inyong lahat. Patawad, STEPHANIE. Patawad, Teresita.

Matutuwa ang dalawa. Bubulungan ni Stephanie si Teresita, *Mauna na ako sa labas*.

Lalabas ng kwarto si Stephanie. Lalapitan ni Teresita si Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Sorry, Teresita. Forgive me.

TERESITA

Wala kang dapat ihingi ng tawad, Mother. Hindi mo naman kagustuhan ang ilipat sa ibang kumbento.

ligting ang pag-iyak ni Mother Cecilia.

MOTHER CECILIA

Do you still consider me your Prioress?

TERESITA

Yes, Mother. You will always be our Prioress kahit nasaan ka pa. That will never change.

MOTHER CECILIA

Salamat. Isa iyan sa mga pinagkukunan ko ng lakas magmula nang ilayo nila ako sa inyo. Ibang iba ang buhay ko sa Iloilo, malayong malayo sa Lipa. Mistulan akong katulong doon. Hindi nila ako pinapayagan lumabas ng kusina. Hindi ako pinasasali sa mga gawain ng congregation. Not even the community prayer.

TERESITA

Hindi ko maintindihan? Pinaparusahan ka ba, Mother? Bakit? Anong kasalanan mo?

MOTHER CECILIA

I'm sorry, Teresita. Patawad, Patawarin mo ako. Naging mahina ako. I gave in to temptation, to pride. Hindi ako naging kasing tatag mo. Patawarin mo ako. Patawad, Teresita.

SEQ. 105. INT. KWARTO NI MOTHER CECILIA. UST HOSPITAL. GABI.

28 Marso 1951

Umiiyak si Mother Cecilia, nagsusumamo kay Monsignor Vagnozzi.

MOTHER CECILIA

I have given you my name. I have given you my shame. Please leave me my vocation. I beg of you!

Tangan ni Monsignor Vagnozzi ang isang papel na kapares sa papel na binigay ni Fr de Blas kay Teresita.

MONSIGNOR VAGNOZZI

You have made the right decision. There will be no excommunication.

MOTHER CECILIA

And Teresita? Please have mercy on her. She has done nothing wrong. She is telling the truth.

FADE TO BLACK

SEQ. 106. INT. NUNCIO NG MAYNILA. MAYNILA. UMAGA.

Nag-uusap sina Monsignor Vagnozzi at Bishop Santos.

BISHOP SANTOS

Father de Blas is sticking to his evaluation of Teresita.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Non importa. It doesn't matter. I have a signed confession from the Prioress. Everything was a hoax.

BISHOP SANTOS

I see.

MONSIGNOR VAGNOZZI

I have informed the Vatican.

BISHOP SANTOS

Is an announcement forthcoming?

MONSIGNOR VAGNOZZI

It should be.

Mapapa isip ni Bishop.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Why? What's on your mind?

BISHOP SANTOS

I'm not sure an announcement from the Vatican is a good idea.

Magtataka si Monsignor.

MONSIGNOR VAGNOZZI

Non capisco.

BISHOP SANTOS

I don't think the devotees of the Mediadora, or even the casual believers, and there are many of them in the Philippines and abroad, will take it too well. I mean the Vatican is so far away from the Philippines. People might dismiss any finding as out of touch at best, completely ignorant at worst, especially since there was never an announcement of the investigation.

Tatango si Monsignor.

BISHOP SANTOS

If I may suggest...

MONSIGNOR VAGNOZZI

I'm all ears.

SEQ. 107. INT. KATEDRAL NG MAYNILA. MAYNILA. UMAGA.

Montage:

- Bishop Santos nagsusulat ng imbitasyon para sa mga obispo
- Mga obispo binabasa ang imbitasyon
- Pagdating ng mga obispo sa Katedral
- Mga obispo nagpupulong sa pamumuno ni Bishop Santos

BISHOP SANTOS VO

The Diocese of Manila to create a council of Filipino bishops to study the matter and come up with an official stance about Lipa. I believe that would be an easier pill to swallow for the ordinary people because the decision is from priests they know and trust.

MONSIGNOR VAGNOZZI

What if they don't concur?

BISHOP SANTOS

Then they would have to explain themselves to you and risk getting censured by the Vatican.

Lalagdaan isa isa ng mga obispo ang isang papel.

SEQ. 108. INT. MANILA CATHEDRAL. MAYNILA.

11 Abril 1951

Patong patong na mga litrato ng mga newspapers. lisa ang headline: **CHURCH BODY:
NO MIRACLES IN LIPA**

Maririnig ang tinig ng RADIO REPORTER: *Inilabas na ng Simbahang Katolika ang resulta ng imbestigasyon ng isang komite ng anim na obispo tungkol sa mga pangyayari sa Lipa mula 1948 hanggang 1949. Ang desisyon: Walang himala. Ayon sa maikling pahayag ng Supreme Sacred Congregation of the Holy Office, "The events in Lipa have no signs of supernatural character or origin." Nilagdaan ito nina: Gabriel Reyes, Arsobispo ng Maynila; Cesar Guerrero, Obispo ng San Fernando; Mariano Madriaga, Obispo ng Lingayen; Juan Sison, Auxiliary Obispo ng Nueva Segovia; Vicente Reyes, Auxiliary Obispo ng Maynila; at, Rufino Santos, Apostolic Administrator ng Lipa.*

SEQ. 109. EXT. HARDIN. LIPA CONVENT. GABI.

Nagsusunog ang mga madre ng mga dokumento, papeles, talulot, at kung anu-ano pa. Lahat umiiyak.

BISHOP SANTOS (V.O.)

Alinsunod sa desisyon ng Simbahan, ipinag uutos na sunugin ang lahat ng mga bagay dito sa kumbento na may kinalaman sa aparisyon at pag ulan ng mga bulaklak – ang mga talulot, mga nobenaryo, mga liham, at iba pang kasulatan. Maski ang imahen ng Mediadora ay kailangang itapon sa apoy.

SEQ. 110 INT. KAPILYA. LIPA CONVENT. GABI.

Kausap ni Bishop Santos ang lahat ng mga madre kabilang sina Teresita at Sister Stephanie. Lahat ay tila namatayan.

BISHOP SANTOS

Pinagbabawalan din ang lahat na pag-usapan kahit kanino man ang tungkol sa mga nangyari dito.

Lalong iigting ang pag-iyak ng mga madre maliban si Teresita.

Maririnig ang malungkot na musika ng piano.

FADE TO BLACK

SEQ 112. KWARTO. BAHAY NI BISHOP VERZOSA. GABI.

Nagbabasa ng dyaryo si Bishop Verzosa.

Lulukutin niya ito.

SEQ 113. KALYE. BAHAY NG BABAE. UMAGA.

Nakikipaglaro sa mga bata si Melania. Lalapitan siya ni Nanay, iiyak at yayakapin ng mahigpit.

SEQ 114. KALYE. LIPA CONVENT. GABI.

Maraming tao. Karamihan nagdadasal. Malungkot. Umiiyak.

May maghahagis ng basyo ng bote sa gate ng kumbento. May sisigaw, *Mga sinungaling! Manloloko! Mga kampon ng diablo!*

Mababasag ang panglaw.

FADE TO BLACK

MEDIADORA (V.O.)

My child, suffering will follow you all the days of your life.

FADE TO WHITE

SEQ. 115. INT. SALA. BAHAY NI TERESITA. GABI.

Nobyembre 2016

Tumutugtog ng piano si Teresita, 89.

Dadapo sa piano ang ibong asul na ilang beses niyang nakita sa kumbento. Titigil sa pagtugtog si Teresita. Aabutin niya ang ibon pero lilipad ito palabas ng pinto. Susundan niya ito ng tingin.

Magliliwanag ang gabi. Maliwanag na maliwanag.

Ngingiti si Teresita. Maluluha sa tuwa.

MEDIADORA (O.S.)

Come, my child. Come.

FADE TO WHITE

FADE IN

2016-Kasalukuyan

Tirik na tirik ang araw sa karagatan.

Maririnig ang patong patong na mga report sa radyo.

REPORTER 1

Hindi tinanggap ng pamahalaan ng China ang desisyon ng Arbitral Tribunal na diniklarang nasa loob ng exclusive economic zone ng Pilipinas ang ilang territoryo sa South China Sea na pilit inaangkin ng China.

REPORTER 2

Isang na namang barko ng China Coast Guard ang umatake sa isang barko ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources O BFAR ng Pilipinas malapit sa Scarborough Shoal. Ilang Pilipinong navy na lulan ng barko ng BFAR ang nasugatan sa pambobomba ng tubig ng coast guard ng China.

REPORTER 3

Namataan ang pinakamalaking barko ng China Coast Guard na kilala sa bansag na “monster ship” sa loob ng exclusive economic zone ng Pilipinas sa Zambales. Tinawag itong isang “escalation and provocation” ng isang mataas na opisyal ng pamahalaan. Aniya, isa itong paninindak sa mga Pilipinong mangingisda para agawan sila ng kabuhayan. Pinandigan naman ng embahada ng China na ang teritoryo ay pag-aari ng China.

CBB